2016

PEAC
PRIVATE EDUCATION ASSISTANCE COMMITTEE
Trustee of the Fund for Assistance to Private Education

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# LEARNING MODULE

Filipino G7 | Q2

# Pinitikan ng Bisaya: Repleksiyon ng Kabisayaan



**PEAC National Secretariat**
Units 2505-2507, 25th Floor Philippine AXA Life Centre
1286 Sen. Gil Puyat Avenue corner Tindalo St., Makati City
Tel No.: (02) 8-570-7322
Fax No.: (02) 8-511-7695

# NOTICE TO THE SCHOOLS

This learning module (LM) was developed by the Private Education Assistance Committee under the GASTPE Program of the Department of Education. The learning modules were written by the PEAC Junior High School (JHS) Trainers and were used as exemplars either as a sample for presentation or for workshop purposes in the JHS In-Service Training (INSET) program for teachers in private schools.

The LM is designed for online learning and can also be used for blended learning and remote learning modalities. The year indicated on the cover of this LM refers to the year when the LM was used as an exemplar in the JHS INSET and the year it was written or revised. For instance, 2017 means the LM was written in SY 2016-2017 and was used in the 2017 Summer JHS INSET. The quarter indicated on the cover refers to the quarter of the current curriculum guide at the time the LM was written. The most recently revised LMs were in 2018 and 2019.

The LM is also designed such that it encourages independent and self-regulated learning among the students and develops their 21st century skills. It is written in such a way that the teacher is communicating directly to the learner. Participants in the JHS INSET are trained how to unpack the standards and competencies from the K-12 curriculum guides to identify desired results and design standards-based assessment and instruction. Hence, the teachers are trained how to write their own standards-based learning plan.

The parts or stages of this LM include Explore, Firm Up, Deepen and Transfer. It is possible that some links or online resources in some parts of this LM may no longer be available, thus, teachers are urged to provide alternative learning resources or reading materials they deem fit for their students which are aligned with the standards and competencies. Teachers are encouraged to write their own standards-based learning plan or learning module with respect to attainment of their school's vision and mission.

The learning modules developed by PEAC are aligned with the K to 12 Basic Education Curriculum of the Department of Education. Public school teachers may also download and use the learning modules.

Schools, teachers and students may reproduce the LM so long as such reproduction is limited to (i) non-commercial, non-profit educational purposes; and to (ii) personal use or a limited audience under the doctrine of fair use (Section 185, IP Code). They may also share copies of the LM and customize the learning activities as they see fit so long as these are done for non-commercial, non-profit educational purposes and limited to personal use or to a limited audience and fall within the limits of fair use. This document is password-protected to prevent unauthorized processing such as copying and pasting.

FILIPINO 7

# Modyul 2: Panitikan Ng Bisaya: Repleksiyon Ng Kabisayaan

**Panimula at mga Pokus na Tanong**

Nabasa mo at napag-aralan sa unang modyul ang panitikan ng Mindanao na tumatalakay sa uri ng pamumuhay, paniniwala at relihiyon ng mga taong naninirahan sa pook na iyon. Ngayon, naitanong mo ba sa iyong sarili kung ano namang kaugalian, paniniwala at relihiyon ng mga tao sa Kabisayaan ang masa- salamin sa mga akdang pampanitikan ng naturang rehiyon? Naitanong mo rin ba kung sa paanong paraan maipapakita ng mga kabataan ang pagpapahalaga sa kanilang lupang tinubuan? Higit sa lahat***, Bakit kaya kailangang unawain natin ang mga akdang pampanitikan ng Kabisayaan?*** Halina at ating tuklasin ang mga kasagutan sa tanong na inihain ng guro sa pamamagitan ng pagbasa at pag-unawa sa nilalaman ng mga akdang pampanitikan ng Kabisayaan.

**<u>Saklaw ng Modyul</u>**

Ang modyul na ito ay naglalaman ng mga sumusunod na aralin:

| Aralin Blg. | Pamagat | Matututuhan Mo… | Bilang ng Oras/ Sesyon |
|---|---|---|---|
| 1 | Bulong, Awiting bayan,at Antas ng wika | Nakasusulat ng awiting bayan gamit ang wika ng mga kabataan | |
| 2 | Alamat, Maikling Kuwento, Panghalip na Anaporik at Kataporik | Nababanghay ang kuwento gamit ang panghalip na anaporik at kataporik | |
| 3 | Epiko, Paglalarawan, at Tayutay | Nakasusulat ng panayam gamit ang mga salitang naglalarawan | |
| 4 | Dula at Pang-ugnay | Nasusuri ang kultura at wika ng Kabisayaan | |

**Inaasahang mga Kasanayan**

Upang higit na maunawaan ang nilalaman ng modyul na ito, isagawa mo ang mga sumusunod:

1. Nabibigyang-kahulugan ang mga salita/ pahayag/ tayutay na hindi mo maunawaan.
2. Nasasagutan ang lahat ng mga gawain/ tanong.
3. Naipaliliwanag ang iba't ibang elemento ng mga akdang tinalakay sa modyul.
4. Natutukoy ang mga mahahalagang kaisipan/ aral o mga pagpapahalagang masasalamin sa panitikan ng Kabisayaan.
5. Nasusuri ang kultura ng Kabisayaan na nasasalamin sa mga akdang tinalakay .

## PANIMULANG PAGTATAYA

Alamin natin ngayon kung may kaalaman ka sa araling tatalakayin sa modyul na ito sa pamamagitan nang pagsagot sa panimulang pagtataya. I-klik lamang ang titik ng wastong sagot at sagutan ang lahat ng mga tanong. Pagkatapos ay makikita mo ang nakuha mong iskor. Tandaan mo ang mga aytem at mga tanong na hindi mo nasagutan.Malalaman mo ang wastong sagot habang pinag-aaralan mo ang modyul na ito.

Kung handa ka na, i-klik ang SIMULA.

Basahin at unawain mong mabuti ang mga sumusunod na tanong. I-klik ang titik ng wastong sagot.

1. Ano ang tawag sa wikang lumalaganap sa buong kapuluan?
   a. pabalbal
   b. pambansa
   c. pampanitikan
   d. panlalawigan

2. Alin sa sumusunod ang lipon ng salita na may paghahambing na di-magkatulad?
   a. bahaghari
   b. di-gaano
   c. kulay dalandan
   d. ugat ng kasamaan

3. Ano ang tawag sa bahagi ng pananalita na karaniwang inihalili sa pangngalan?
   a. pang-abay
   b. panghalip
   c. pang-uri
   d. pang-ugnay

4. Alin sa sumusunod ang salitang dapat ipuno sa patlang upang mabuo ang diwa ng pangungusap sa ibaba?

   ___________________ ang tinaguriang ilaw ng tahanan.
   a. Ermat
   b. Ina
   c. Nanay
   d. Mama

5. Alin sa sumusunod ang hindi kasali sa pangkat?
   a. animo'y bula
   b. hugis mangga
   c. mistulang isda
   d. waring bituin

6. Alin sa sumusunod ang sinisimbolo ng pag-asa?
   a. araw
   b. bituin
   c. buwan
   d. planeta

7. Alin sa sumusunod ang pangunahing katangian ng alamat?
   a. May angking kapangyarihan ang mga tauhan ng alamat.
   b. Kapupulutan ng aral ang alamat.
   c. Nababalot ng kababalaghan ang alamat.
   d. Nagpapaliwanag ang alamat ng pinagmulan ng isang bagay.

8. Alin sa sumusunod ang karaniwang gamit ng bulong?
   a. pakikipagtalo sa mga espirito
   b. panggagamot sa maysakit
   c. pangkukulam
   d. pananakot

9. Alin sa sumusunod ang wikang dapat gamitin sa pakikipag-ugnayan sa mga taong nasa ibang lalawigan?
   a. kolokyal
   b. pabalbal
   c. panlalawigan
   d. pambansa

10. Alin sa sumusunod ang itinatago ng nakangiting maskara ng mga Negrense?
    a. kaapihan
    b. kahirapan
    c. kalungkutan
    d. kapighatian

11. Alin sa sumusunod ang larawan ng kahirapan?
    a. bahay-kubo
    b. barong-barong
    c. estero
    d. tubo

12. Alin sa sumusunod ang gawain na nagpapakita ng kabayanihan?
    a. pagbayad ng tamang buwis
    b. pamumulot ng basura
    c. pagsilbi sa halalan
    d. pagtrabaho sa pamahalaan

13. Alin sa sumusunod ang mensaheng hatid ng Masskara Festival sa Bacolod?
    a. Kaya pa ring maging masaya ng mga tao sa Negros sa kabila ng mga kahirapan at sakuna.
    b. Mapagkunwari ang mga tao sa Negros kaya nagtatago sila sa likod ng maskara.
    c. Masayahin ang mga tao sa Negros.
    d. Matatag ang pananampalataya ng mga tao sa Negros.

14. Anong uri ng awiting bayan ang saknong sa ibaba?

    Kon ikaw Baleleng ang mawala
    Kon ikaw Baleleng di ko makita
    Gugma ko Baleleng magahulat
    Taliwala ning lawod sa mga luha

    a. diona
    b. kundiman
    c. talindaw
    d. oyayi

15. Tatakbo kang kagawad sa inyong barangay at hihikayatin mo ang mga kabataan na iboto ka sa darating na halalan. Sa pakikipagsalamuha mo sa kanila, ano ang wikang gagamitin mo nang sa gayon ay makuha mo ang loob at tiwala nila?
    a. kolokyal
    b. pabalbal
    c. panlalawigan

d. pambansa

16. Habang abala ka sa pakikipag-usap sa mga kaibigan ay may matandang lumapit sa iyo at nagtanong. Alin sa sumusunod ang isasagot mo?
    a. aywan ko
    b. ewan ko
    c. hindi ko alam
    d. hindi ko po alam

17. Sumama ka sa *retreat* ng paaralan kung saan inilantad kayo sa buhay-lalawigan. Alam mong bantog ang lalawigang iyon na lugar ng mga mangkukulam. Maya-maya pa ay may taong lumapit sa iyo at kinausap ka. Alin ngayon sa sumusunod ang gagawin mo?
    a. Bubulong ng puwera aswang
    b. Hindi sasagot sa tao
    c. Kausapin ang tao
    d. Bumalik sa *retreat house*

18. Sa pagpapakilala ng mga lakambini ng iba't ibang lalawigan. Alin sa sumusunod ang dapat mong iwasang sabihin?
    a. Ang lakambini mula sa lalawigan ng bulaklak.
    b. Ang lakambini mula sa lalawigan ng mga magigiting na bayani.
    c. Ang lakambini mula sa lalawigan ng mga mambabarang.
    d. Ang lakambini mula sa lalawigan ng lupang pangako.

19. Tagapagsalita ka sa mga kabataang Pilipino na nanghihikayat na iwasan ang kapakanan. Sa pakikipag-usap sa mga kabataang nabanggit, alin sa sumusunod ang pipiliin mo?
    a. Masama sa katawan ng tao ang anumang uri ng bisyo sa buhay.
    b. Huwag na huwag kayong lumihis sa tuwid na landas ng buhay kaya iwasan ang bisyo.
    c. Sa kapahamakan ang punta ng mga batang kagaya ninyo na walang inaatupag sa buhay kundi bisyo.
    d. Totoong walang maidudulot na kabutihan sa sarili ang anumang uri ng bisyo.

20. Nahingan ka na magkomento sa usapin ng kurapsyon sa lalawigan na sangkot dito ang mga kilalang personalidad at pangalan. Sa komentong ibibigay, alin sa sumusunod ang pipiliin mo?
    a. Dapat managot ang mga magnanakaw sa batas mayaman man siya o kilalang tao sa lipunan.
    b. Hayaan nating gumiling ang batas at nang maparusahan ang mga may kasalanan.
    c. Hindi pa napatunayan ng batas na sila'y may kasalanan kaya wala tayong karapatang manghusga.

d. Pagnanakaw pala ang sanhi kung kaya sila yumaman sa buhay. Mga walang puso at kaluluwa sila.

## PAGTUKLAS

Simulan natin ang modyul sa pamamagitan ng panonood ng *video* na tumatalakay sa buhay ng isang babaylan at nang malaman natin kung bakit nga ba kailangang unawain natin ang mga akdang pampanitikan ng Kabisayaan.

**Gawain 1: Panonood ng *Video* ng Babaylan**

Ang Pilipinas ay nahahati sa tatlong malalaking pulo, ang Luzon, Mindanao at Visayas. Ang Visayas ay nabubuo ng tatlong rehiyon, ang rehiyon VI, VII at VIII. Bawat rehiyon ay may kanya-kanyang wika at paniniwala na gusto kong pag-usapan natin. Kaya panoorin ang *video* na ito sa youtube
http://www.youtube.com/watch?v=7hLxERfa-iM
at pagkatapos ay pag-usapan natin ang nilalaman nito.

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Ano ang ibig sabihin ng salitang babaylan at anong lalawigan sa Kabisayaan ang nagdaraos ng pestibal na kagaya nito? Ipaliwanag.
   ________________________________________________________________
   ________________________________________________________________
   ________________________________________________________________
   ________________________________________________________________

2. Ano ang kaisipan /mensaheng ipinaaabot ng *video* na pinanood? Ipaliwanag.
   ________________________________________________________________
   ________________________________________________________________
   ________________________________________________________________
   ________________________________________________________________

3. Ano naman ang tawag sa mga taong naniniwala na nakakagamot sila ng sakit na likha ng hindi nakikitang mga elemento/espirito? Ipaliwanag.
   ________________________________________________________________

___________________________________________________________________
___________________________________________________________________
___________________________________________________________________

4. Naniniwala ka ba na talagang may mga engkanto o di nakikitang espirito sa paligid natin na nananakit ng tao? Pangatuwiranan ang sagot.

   ___________________________________________________________________
   ___________________________________________________________________
   ___________________________________________________________________
   ___________________________________________________________________

5. Nakikipag-usap ang babaylan sa mga di nakikitang espirito /elemento sa *videong* pinanood? Ngayon, ano ang tawag ninyo sa mga salitang binibigkas/sinasabi nila? Ipaliwanag.

   ___________________________________________________________________
   ___________________________________________________________________
   ___________________________________________________________________
   ___________________________________________________________________

6. Anong kultura ng mga tao sa Kabisayaan ang sinasalamin ng *videong* pinanood? Ipaliwanag.

   ___________________________________________________________________
   ___________________________________________________________________
   ___________________________________________________________________
   ___________________________________________________________________

7. Sa kabuuan, bakit kailangan nating alamin at unawain ang mga akdang pampanitikan ng Kabisayaan? Ipaliwanag.

   ___________________________________________________________________
   ___________________________________________________________________
   ___________________________________________________________________
   ___________________________________________________________________

Ating tuklasin sa pag-aaral ng mga akdang pampanitikan ng Visayas kung tama ba ang naging sagot mo sa tanong ng guro, ngunit bago ang lahat gusto kong alamin kung ano ang mga bagay na alam mo tungkol sa mga wika, paniniwala at kaugalian ng mga Bisaya. Kaya sagutin mo ang *Anticipation-Reaction Guide.*

**Gawain 2: Pagsagot sa Anticipation-Reacton Guide**

Basahin mo at unawain ng mga pahayag sa ibaba. Pagkatapos ay gumuhit ng araw kung sumasang-ayon ka sa mga pahayag at buwan naman kapag hindi. Isulat ang sagot sa kolum **Bago ang Leksyon.**

| Bago ang Leksyon | Pahayag | Pagkatapos ng Leksyon |
|---|---|---|
| | 1. Albularyo ang tawag sa mga taong nanggagamot ng sakit gamit ang luya, langis at kung ano-ano pang mga halaman sa paligid. | |
| | 2. Ang bulong ay ginagamit ng mga manggagamot sa kanilang pakikipag-usap sa mga di nakikitang espirito/ elemento. | |
| | 3. Tinaguriang wika ng mga kabataan ang wikang pabalbal. | |
| | 4. Nasasalamin sa mga akdang pampanitikan ng Kabisayaan ang kanilang kultura. | |
| | 5. Sintamis ng asukal ang kanyang ngiti. Ang pangungusap ay gumamit ng tayutay na pagwawangis. | |
| | 6. Ang di-gaano at di -gasino ay mga pang-uring pahambing na magkatulad. | |
| | 7. Anapora ang tawag sa mga panghalip na makikita sa unahan ng pangungusap. | |
| | 8. Ang Sto. Niño ang patron ng mga mamamayan ng Cebu. | |
| | 9. Ang *totoo*, *tunay* at *talaga* ay halimbawa ng mga pahayag na nanghihikayat. | |
| | 10. May taglay na *supernatural* na kapangyarihan ang mga bayani ng epiko. | |

**Katapusang Bahagi ng Pagtuklas**

Ating babalikan kung alin sa mga sagot mo ang talagang wasto at makabuluhan matapos matalakay ang mga piling akdang pampanitikan ng Kabisayaan at mga gawaing ibibigay ng guro. Sa ngayon dadako tayo sa kasunod na gawain.

## PAGLINANG/ PAGPAPATIBAY

Layunin mo sa bahaging ito ng modyul na malaman ang relihiyon, paniniwala at kaugalian ng Kabisayaan maging ang mga akdang pampanitikan ng kanilang lugar nang sa gayon ay higit mong maunawaan at mapahalagahan ang kanilang wika at pagkatao.

**Gawain 3: Pagsusuri ng Larawan**

Suriin mong mabuti ang mga larawan. Ano-anong mga kaisipan o pangyayari ang iyong naalaala sa kanila? Isulat ito sa loob ng tatlo –apat na pangungusap lamang.



______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________


11.02.2013 10:24

________________________________________________________________________________
________________________________________________________________________________
________________________________________________________________________________
________________________________________________________________________________
________________________________________________________________________________


BOHOL
Philippines
DUMALUAN
BEACH RESORT
TOURIST SPOTS
A - Blood Compact
B - Hinagdanan Cave
C - Baclayon Church
D - Loboc River Cruise
E - Rattan & Cave
F - Chocolate Hills
G - Dagohoy Marker - Danao
H - Tarsier - Loboc or Corella
J - Can-umantad Waterfalls
R - Cambuhat Village
TALIBON 114 km
GETAFE 92.3 km
BIEN UNIDO 109 km
TRINIDAD 98 km
BUENAVISTA 83 km
Carlos P. Garcia
UBAY 123.49 km
C.P. GARCIA
INABANGA 71.4 km
SAN MIGUEL 86 km
DANAO 92 km
CLARIN 60.9 km
TUBIGON 53.6 km
SAGBAYAN 76.5 km
DAGOHOY 73 km
ALICIA 103.3 km
MABINI 103.9 km
CHOCOLATE HILLS
PILAR 78.5 km
CATIGBIAN 34 km
CALAPE 41.4 km
SIERRA BULLONES 71 .6 km
RICE TERRACES
CANDIJAY 92.2 km
ANDA 99.3 km
CAN-UMANTAD WATERFALLS
SAN ISIDRO 31.6 km
CARMEN 58.8 km
LOON 27.4 km
ANTEQUERA 19 km
BALILIHAN 22 km
BATUAN 51 km
GUINDULMAN 84.6 km
MARIBOJOC 14.3 km
CORTES 10 km
SEVILLA 36 km
DUERO 73.1 km
PUNTA CRUZ
TARSIER
TAGBILARAN CITY
BILAR 40.9 km
JAGNA 63.1 km
SIKATUNA 16.6 km
RATTAN & CAVE
CORELLA 10.2 km
LOBOC 24.1 km
BACLAYON 6.9 km
LOBOC RIVER CRUISE
DIMIAO 38.7 km
GARCIA HERNANDEZ 52.6 km
ALBUR 11.9 km
BACLAYON CHURCH
LILA 28.5 km
VALENCIA 41.9 km
LOAY 18.3 km
BLOOD COMPACT
PANGLAO 19 km
N
Proud of its history, natural beauty and

________________________________________________________________________________
________________________________________________________________________________
________________________________________________________________________________
________________________________________________________________________________
________________________________________________________________________________


Virgin Island

__________________________________________________________________

__________________________________________________________________

__________________________________________________________________

__________________________________________________________________

__________________________________________________________________

__________________________________________________________________


Mambukal
RESORT

__________________________________________________________________

__________________________________________________________________

__________________________________________________________________

__________________________________________________________________

__________________________________________________________________

__________________________________________________________________



______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
____________________________________________________________

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Bakit itinuturing si Lapu-lapu na bayani ng Mactan? Ipaliwanag.
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

2. Kanino naman inialay ng dating Pangulong Marcos ang tulay na nag-uugnay sa lalawigan ng Leyte at Samar? Ipaliwanag.
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

3. Ano naman ang kaugnayan ng dating Pangulong Carlos P. Garcia sa lalawigan ng Bohol? Ipaliwanag.
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

4. Saan makikita ang *Virgin Island* sa Bisayas at sa anong rehiyon ito nabibilang?
   ____________________________________________________________________
   ____________________________________________________________________
   ____________________________________________________________________
   ____________________________________________________________________

5. Saan naman makikita ang Mambukal Summer Resort at ano ang kaugnayan ng lugar na ito sa bulkan ng Kanlaon? Ipaliwanag.
   ____________________________________________________________________
   ____________________________________________________________________
   ____________________________________________________________________
   ____________________________________________________________________

6. Anong mga lugar sa Cebu ang kumikilala sa Sto. Nino bilang patron ng kanilang lalawigan? Ipaliwanag.
   ____________________________________________________________________
   ____________________________________________________________________
   ____________________________________________________________________
   ____________________________________________________________________

7. Sa mga larawang ipinakita, anong pag-uugali, pananampalataya at paniniwala ang iyong napuna? Ipaliwanag.
   ____________________________________________________________________
   ____________________________________________________________________
   ____________________________________________________________________
   ____________________________________________________________________

**TANDAAN**

Maliban sa mga magagandang lugar sa Kabisayaan ay mapupunang ang mga mamamayan nito ay matatapang, may malakas na pananampalataya at higit sa lahat ay mapaniwalain sa mga mga engkanto o espirito.

Dahil dito kung kaya mayroon silang mga kinikilalang albularyo na pinupuntahan at hinihingan ng tulong sakaling may kasapi ng pamilya na maysakit bago sila pumunta ng hospital o komunsulta sa manggagamot.

Sa kanyang panggagamot naman ay may mga salitang binibigkas ang mga albularyo at nagtuturo pa sa atin ng ilang bulong nang sa gayon ay di tayo mapapahamak sa mga di nakikitang espirito. Sa dakong ito ay suriin mo ang

mga bulong na karaniwang itinuturo ng mga albularyo at ipaliwanag ang kaisipang inilalahad nito.

**Gawain 4: Pagsusuri ng mga Salita**

Suriin ang mga sumusunod na bulong ng Kabisayaan at iugnay natin ito sa mga bulong na pinaniniwalaan natin sa ating sariling pamayanan/lalawigan.

**Puwera aswang**

**Puwera usog**

**Puwera buyag**

**Tabi-tabi po**

**Puwera bulalakaw**

**Dagang malaki, dagang maliit,**
**heto ang ngipin kong sira na't pangit,**
**sana ay bigyan mo ng bagong kapalit.**

Sagutin ang mga tanong.

1. Ano ang ibig sabihin ng puwera aswang, puwera buyag, puwera usog at tabi-tabi po? Ipaliwanag.
   ______________________________________________________________________
   ______________________________________________________________________
   ______________________________________________________________________
   ______________________________________________________________________

2. Sa anong pagkakataon natin ginagamit ang naturang mga panalanging bulong? Ipaliwanag.
   ______________________________________________________________________
   ______________________________________________________________________
   ______________________________________________________________________
   ______________________________________________________________________

3. Totoo bang kapag sinabi mong puwera aswang ay hindi ka kukulamin ng taong pinaniniwalaan na mangkukulam? Bakit? Ipaliwanag.

________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________

4. Anong lalawigan sa Kabisayaan ang napabantog na lugar ng mga mangkukulam? Totoo ba ito o hindi? Ipaliwanag.

________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________

5. Ano ang alam mong kuwento kaugnay sa pangkukulam? Ikuwento ito.

________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________

6. Totoo rin ba na maririnig tayo ng mga daga kapag kausapin natin sila? Ipaliwanag.

________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________

7. Ano ngayon ang nalinang na kaisipan mo tungkol sa bulong? Ipaliwanag.

________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________

**TANDAAN**



Ang mga bulong na nabanggit ay mga halimbawa ng karunungang bayan na palasak sa ating mga katutubo noon at patuloy pa ring pinaniniwalaan ng iilan sa iba't ibang lalawigan ng bansa kahit na masasabing nasa panahon na tayo ng modernong siyensiya. Ang mga bagay na ito ay di natin nakakalimutan sa dahilang bahagi ito ng kultura ng bansa lalo na ng Kabisayaan.

Maliban sa bulong na isa sa mga uri ng karunungang bayan ay mayaman din sa mga kantahing -bayan ang Kabisayaan. Isa sa mga

ito ay ang awiting Waray-waray. Halina't suriin natin ang laman nito ngunit para higit nating maunawaan ang kaisipang nais tukuyin ng awit ay alamin muna natin ang kahulugan ng mga salitang hindi maunawaan.

**Gawain 5: Pagpapalawak ng Talasalitaan**

Ibigay ang kahulugan ng mga salita sa ibaba at pagkatapos ay gamitin ito sa makabuluhang pangungusap.

waray:________________________________________________________________
________________________________________________________________

akon:_________________________________________________________________
_______________________________________________________________

paraluman:_____________________________________________________________
_________________________________________________________________

matud:________________________________________________________________
________________________________________________________________

damgo:_______________________________________________________________
_________________________________________________________________

naangkon:_____________________________________________________________
_________________________________________________________________

bakbakan:______________________________________________________________
________________________________________________________________

dili:_________________________________________________________________
_____________________________________________________________

sindak:_______________________________________________________________
________________________________________________________________

bahandi:______________________________________________________________
_________________________________________________________________

pasalig:______________________________________________________________
________________________________________________________________

malipay:____________________________________________________
___________________________________________________

mag-urong__________________________________________________
___________________________________________________

maton:_____________________________________________________
__________________________________________________

siga:_______________________________________________________
________________________________________________

bulawan:___________________________________________________
__________________________________________________

pagtamay___________________________________________________
___________________________________________________

kinabuhi:___________________________________________________
__________________________________________________

**Gawain 6: Pagsusuri ng mga Kantahing-Bayan**

Ngayon ay panoorin ang halimbawa ng kantahing-bayan sa ibaba at kunin ang kaisipang nais nitong ilahad.

**Waray Waray**
http://www.youtube.com/watch?v=0mMebBVil_Y

**Waray waray, hindi tatakas**
**Waray waray, handang matodas**
**Waray waray, bahala bukas**
**Waray waray, manigas.**

**Waray waray, tawag sa akon**
**Sa bakbakan diri mag-urong**
**Sa sinuman ay humahamon**
**Kahit ikaw ay maton.**

**Likas sa ating paraluman**
**Kiming palagi, mapagbigay**
**Ngunit iba ang waray waray**
**Walang sindak kanino man.**

**Kaming babaeng waray waray**
**Ay siga-siga kahit saan**
**Pagkat kami ay lumalaban**
**Kapag hinamon ng away.**

**Waray waray, sadyang di tatakas**
**Waray waray, handa nang matodas**
**Waray waray, bahala na bukas**
**Waray waray, manigas**

**Likas sa ating paraluman**
**Kiming palagi, mapagbigay**
**Ngunit iba ang waray waray**
**Walang sindak kanino man**

**Kaming babaeng waray waray**
**Ay siga-siga kahit saan**
**Pagkat kami ay lumalaban**
**Kapag hinamon ng away**
**... manigas**
**Waray-waray, manigas**

Sagutin mo ang mga inihandang tanong .

1. Anong wika ang salitang *waray* at ano ang ibig sabihin nito? Ipaliwanag.
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

2. Ano ang katangiang taglay ng mga babaeng Waray sa awit? Ipaliwanag.
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

3. Ikaw ba ay kagaya ng babaeng Waray na hindi umaatras sa laban? Bakit? Ipaliwanag.
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

4. Anong kultura ng mga Waray ang masasalamin sa awit? Ipaliwanag.
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

5. Ano ang kaisipang nais ilahad ng awiting napakinggan? Ipaliwanag.
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

Upang lalo pang mapalawak ang iyong kaalaman sa Kabisayaan, panoorin mo rin at unawain ang mensaheng ipinaaabot ng isa pang awitin. Panoorin/Pakinggan ito.

**MATUD NILA**

Matud nila - Pilita Corrales (quality version) - YouTube-yolly.mp4

Matud nila ako dili angay
Nga magmamanggad sa imong gugma,
Matud nila ikaw dili malipay,
Kai wa ako'y bahanding nga kanimo igasa,

Gugmang putli mao day pasalig
Maoy bahanding labaw sa bulawan
Matud nila kaanugon lamang
Sa imong gugma ug parayeg,

Dili maluba kining pagbati
Bisan sa unsa nga katarungan
Kay unsa pay bili ning kinabuhi
Kon sa gugma mo hinikawan

Ingna ko nga dili ka motuo
Sa mga pagtamay kong naangkon
Ingna ko nga dili mo kawangon
Damgo ko'g pasalig sa gugma mo.

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Nasa anong wika ang kantahing- bayan  na napakinggan?
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________

2. Anong kaugaliang Pilipino ang napuna mo sa awit? Sumasang-ayon ka ba dito? Bakit?
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________

______________________________________________________________
______________________________________________________________

3. Anong damdamin ang inilalahad ng awit? Ipaliwanag.
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

4. Ang ganitong pangyayari ba ay nagaganap sa tunay na buhay? Bakit mo nasabi ito? Ipaliwanag.
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

5. Anong kaisipan ang masasalamin sa awit? Ipaliwanag.
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

6. Sa kabuuan, ano nga ba ang sanhi at kailangan din nating unawain ang panitikan ng Kabisayaan? Ipaliwanag.
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

Nakita sa mga halimbawa ng bulong at kantahing-bayan na *Waray-Waray* at *Matud Nila* ang mga salitang *puwera, tabi-tabi, waray, dili, matud, pagtamay, siga, diri,* at *paraluman*. Ngayon, ano ang tawag sa mga salitang ito?

Tama ang sinabi mo na ang *puwera, aswang* at *akon* ay mga salita ng mga tao sa Negros, *pagtamay naman, matud* at *dili* ang mga salitang Cebuano. Samantala, ang *waray* at *diri* ay salita ng mga tao sa Samar at ang tawag sa mga ito ay mga wikang panlalawigan. Ngayon, palalimin pa natin ang kaalaman mo sa wikang ito sa pamamagitan ng pananaliksik. Buksan ang mga sumusunod na *website* at pag-aralan ang mga wikang ito na ginagamit ng mga tao sa kanilang pakikipag-ugnayan sa kapwa.

**Gawain 7: Pananaliksik sa Antas ng Wika ng Bansa**

Palalimin ang iyong pang-unawa sa antas ng wika sa bansa. I-klik ang mga sumusunod na *link.*

A. Website:
http://www.slideshare.net/jessicavduque/antas-ng-wika-28063693
Makikita sa *website* na ito ang katuturan at halimbawa ng iba't ibang antas ng wika.

http://teksbok.blogspot.com/2010/08/antas-ng-wika_6470.html
Makikita sa *website* na ito ang katuturan ng pormal at di pormal na wika at mga paraan sa pagbuo ng mga salitang balbal.

http://e-filipino101.blogspot.com/2009/07/mga-antas-ng-wika.html
Makikita rin sa *website* na ito ang katuturan ng iba't ibang antas ng wika.

http://quizlet.com/6017180/filipino-1-halimbawa-ng-antas-ng-wika-flash-cards/
Naglalaman ng pagsasanay sa antas ng wika ang *website* na ito.

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Kailan natin ginagamit ang mga wikang balbal, kolokyal at panlalawigan? Ipaliwanag.
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________

2. Sa anong mga pagkakataon naman natin ginagamit ang mga wikang pambansa at pampanitikan? Ipaliwanag.
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________

3. Sa mga wikang di pormal, alin sa mga ito ang wikang karaniwang ginagamit ng mga kabataan at bakit nila ito ginagamit? Ipaliwanag.
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________

4. Ano naman ang ipinahihiwatig ng paggamit natin ng wikang Filipino kapag nakipag-usap tayo sa ating mga kababayan na naninirahan/ nagtatrabaho sa ibang bansa? Ipaliwanag.
_________________________________________________________________
_________________________________________________________________
_________________________________________________________________
_________________________________________________________________

5. Bakit kailangang mahalin at pahalagahan natin sa buhay ang wikang kinagisnan? Ipaliwanag.
_________________________________________________________________
_________________________________________________________________
_________________________________________________________________
_________________________________________________________________

Upang lalo pang mapalawak ang kaalaman mo sa wika natin sa bansa, sagutin mo ang pagsasanay na inihanda sa ibaba.

**Gawain 8: Pagsusuri ng mga Salita**

Suriin ang mga salita at isulat kung ito ay wikang pabalbal, panlalawigan, pambansa
o pampanitikan.

| | |
|---|---|
| 1. Krung-krung | |
| 2. Japorms | |
| 3. Amiga | |
| 4. Kulasisi | |
| 5. Anghel | |
| 6. Unsa | |
| 7. Buntag | |
| 8. Aklasan | |
| 9. Kapalaran | |
| 10.Rum-an | |

**TANDAAN**



Ngayon ay tingnan natin kung alin sa mga sagot mo ang tumpak at alin
naman ang nangangailangan pa ng pag-unlad.


Kumusta ang nakuha mong iskor sa pagsasanay na ibinigay? Kung umabot sa anim at mas mataas pa, ibig sabihin ay may malawak kang kaalaman sa wika ng bansa. Kung mababa sa anim ay may panahon pa upang mapalawak ang kaalaman at kasanayang matutuhan sa klase.

**TANDAAN**



Mahigit isang libong pulo ang bumubuo sa bansa at sa bawat pulo ay may kanya- kanyang wikang ginagamit ang mga mamamayan nito. Wikang ginagamit nila sa pakikipag-ugnayan sa kapwa- tao at maging sa pagsulat ng mga akda. Sa puntong ito ay atin pang pagtibayin ang iyong kaalaman sa mga akdang pampanitikan ng Visayas sa pamamagitan ng pagbasa ng isang alamat.

**Gawain 9: Pagbasa at Pagsusuri ng Alamat ng Kanlaon**



**Pagbasa 1**

Basahin ang alamat ng Kanlaon at habang nagbabasa ay itala mo

malalalim na salitang gusto mong mabigyan ng kahulugan at ang mga kaisipang mapupulot dito na magagamit mo sa talakayang gagawin natin.

**Alamat ng Kanlaon**

Sa malayong lugar ng Visayas sa Negros Occidental ay may isang Hari na ang pangalan ay Haring Laon, na may mabuting kalooban at pantay-pantay na pagtingin sa kanyang nasasakupan. Sa katunayan ang kanyang mga magsasaka'y binibigyan niya ng kalahati ng kanyang mga aning pananim kapalit ng tapat na paglilingkod sa kanya ng mga ito.

Isang araw habang namamasyal si Haring Laon sa kanyang maluwang na bukirin ay may napansin siyang kakaiba sa tuktok ng bundok, na tila isang

malaking ulupong na my pitong ulo. Kaya agad siyang nagbalik sa kanyang kaharian upang utusan ang mga kawal na sugpuin ang natanaw niyang malaking salot sa tuktok ng bundok. At dahil sa dapit hapon na ng makarating at masabi ng Hari sa kanyang mga kawal ang kanyang nakita ay minabuti na niyang ipagpabukas na ang pag-akyat sa bundok dahil lubhang napakapanganib kung aabutin ng gabi sa bundok ang kanyang mga kawal.

Malalim na ang gabi ngunit gising pa rin ang Hari dahil sa pag-iisip niya na baka sumalakay ang napakalaking ulupong na iyon sa kanilang lugar. Nasa ganoong pag-iisip ang hari nang biglang makarinig siya ng mga sigaw at iyak ng mga tao sa labas ng palasyo. Biglang may tumawag sa Hari, isang kawal "mahal na hari, sinalakay tayo ng salot na iyong namataan sa tuktok ng bundok." Agad inutusan ng hari ang kawal."Tawagin ang lahat ng kawal at sugpuin ang mapaminsalang salot na iyon" agad na sumunod ang kawal sa utos ng Hari.

Maya-maya pa ay nagbalik ang kawal na tila ba napakalungkot at siya ay nagwika sa hari, "Haring Laon, hindi po namin nasugpo ang salot ngunit amin siyang naitaboy pabalik sa tuktok ng bundok." wika ng kawal. " kung ganoon ay mainam, kahit papaano ay natigil ang kanyang pananalanta sa ating lugar." ang sabi ni Haring Laon. Ilang beses pang naulit ang pananalanta ng napakalaking ulupong na may pitong ulo, subalit hindi talaga kaya ng mga kawal ng hari ang ulupong dahil sa napakalaki nito at bumubuga pa ito ng apoy.

Hanggang sa kumunsulta si Haring Laon sa mga pantas, may mga pantas na nagsasabi na mag-alay ng magandang dalaga sa malaking ulupong na may pitong ulo upang tumigil ito sa pamiminsala. Ngunit labag sa kalooban niya ang pasyang iyon sa kadahilanang may anak din si Haring Laon na napakagandang dalaga. Labag man sa kalooban niya ay pinaabot pa rin niya sa mga nasasakupan ang balitang iyon.

Sa takot ng mga kadalagahan na baka sila ang gawing alay sa ulupong ay pinintahan nila ang kanilang mga mukha upang matakpan ang kanilang mga kagandahan. Nang naglibot na ang mga pantas upang pumili ng dapat ialay sa ulupong ay wala silang mapili dahil sa ang lahat ng dalaga ay nagmistulang nasunog ang mukha dahil sa apoy na ibinubuga ng ulupong na may pitong ulo.

Bigong bumalik ang mga pantas sa kaharian, "Mahal na Haring Laon wala po kaming napili dahil lahat sila'y nasunog ang mukha ng abutin sila ng apoy na ibinubuga ng higanteng ulupong." sabi ng unang pantas.

"Subalit si Prinsesa Talisay na lamang po ang natitirang maganda sa ating lugar." ang sabi ng ikalawang pantas.

Nalungkot ang Haring Laon sa kanyang narinig, "Aking amang Hari kung ako na lamang ang tanging pag-asa upang matigil ang pamiminsala ng ulupong ako po ay pumapayag na maging alay." ang matapang na wika ng prinsesa.

Samantala, isang banyaga ang nakabalita sa pananalanta ng ulupong. Inalok ng binata ang Hari ng kanyang tulong, at nagsabi na siya ang pupuksa sa malaking ulupong na may pitong ulo.

"Matapang ka binata, kung mapapatay mo ang salot na ulupong ay ibibigay ko sa iyo ang kalahati ng aking yaman at ipapakasal ko rin sa iyo ang kaisa- isa kong anak na si Prinsesa Talisay.” ang wika ng hari sa matapang na binata.

Lingid sa kaalaman ng marami ay may kapangyarihan ang binata na makipag-usap sa mga hayop at insekto. Kaya sa kanyang paglalakbay ay kinausap niya ang haring langgam na tulungan siyang sugpuin ang higanteng ulupong sa pamamagitan ng paggapang nila sa katawan nito at kagatin ang ulupong. Malapit na siya sa tuktok ng bundok nang makasalubong niya si haring Putakti at sinabi niya ang pakay niya sa bundok at humingi siya ng tulong dito na pupugin nila ang mata ng ulupong upang hindi ito makakita, at sumang-ayon naman ang haring Putakti sa kanyang plano.

At sumapit siya sa tuktok ng bundok at nagsimula nang gumapang ang mga langgam sa katawan ng ulupong, at sinugod ng mga putakti ang mga mata ng ulupong. Hindi na alam ng ulupong ang kanyang gagawin dahil sa sakit na kanyang nararamdaman, at sa gitna ng labanan ay napadaan ang mga uwak at pinakiusapan ito ng binata na tulungan siya sa pagsugpo sa malaking ulupong. Hindi naman siya nabigo dahil tinulungan siya ng mga uwak, pinagtutuka nila ang pitong ulo ng ulupong kaya nagkaroon ng pagkakataon ang binata na mapugot ang bawat ulo ng malaking ulupong.

Siya’y nagbalik sa kaharian na dala ang pitong ulo ng higanteng ulupong, at agad nakarating ang balita kay Haring Laon at sinalubong niya ang magiting na binata.

"Binabati kita sa iyong tagumpay matapang na binata, ngunit hanggang ngayon ay hindi ko pa alam ang iyong pangalan." wika ni Haring Laon.

"Kan po ang aking pangalan mahal na hari." matuling tugon ng magiting na binata.

Tinupad ng hari ang kanyang pangako na ang kalahati ng kanyang yaman ay ibibigay niya kay Kan pati ang pangakong pagpapakasal kay Prinsesa Talisay. At masaya naman silang nagsama bilang mag- asawa.

Ang bundok ay pinangalanan na Kanlaon sa pag- alaala sa katapangan ni Kan at kabaitan ni Haring Laon.

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Saan galing ang salitang Kanlaon na siyang tawag sa isang bayan at bundok sa isla ng Negros? Ipaliwanag.
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________

2 Bakit naman ipinangalan kina Kan at Laon ang lugar? Ipaliwanag.
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________

3. Bakit nagpipinta ng katawan ang mga kadalagahan ng kahariang sakop ni Haring Laon? Pangatwiranan ang sagot.
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________

4. Ano ang ginawa ng bayaning si Kan at natalo niya ang ulupong? Ilahad ito.
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________

5. Ano ang kaugalian at paniniwala ng mga tauhan sa alamat ang napuna mo? Ipaliwanag.
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________

6. Bawat taon ay may “Mudpack Festival” na ipinagdiriwang ang mga mamamayan ng Mambukal, ano kaya sa palagay mo ang kaugnayan ng pagdiriwang na ito sa Alamat ng Bulkan ng Kanlaon? Ipaliwanag.
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________

Bisitahin mo ngayon ang website na http://mambukal.negros-occ.gov.ph/mudpack-festival/ upang malaman mo kung nagkatugma nga ang sagot mo sa paliwanag ng pagdiriwang ng *Mudpack Festival.* Suriin din ang mga larawan nang sa gayon ay higit na mapalalim ang kaalaman mo sa usaping ito.

**Gawain 10: Pananaliksik tungkol sa *Mudpack Festival***

I-klik ang sumusunod na mga *link* upang maunawaan ang *Mudpack Festival*.

http://mambukal.negros-occ.gov.ph/mudpack-festival/
Mababasa sa *website* na ito kung ano ang *Mudpack Festival* na ipinagdiriwang sa Mumbukal Summer Resort tuwing buwan ng Hunyo.

http://www.sunstar.com.ph/bacolod/lifestyle/2014/06/14/birth-mudpack-festival-348232
Mababasa sa *website* na ito kung paano nagsimula ang *Mudpack Festival* sa Mambukal.



http://photography.nationalgeographic.com/photography/photo-of-the-day/mambukal-mudpack-festival/



Sagutin mo ang tanong.

**Ano ngayon ang nabago sa iyong kaalaman matapos mabasa ang artikulo tungkol sa *Mudpack Festival* at ang mga larawan kaugnay sa nasabing usapin? Ipaliwanag.**

____________________________________________________________________
____________________________________________________________________
____________________________________________________________________
____________________________________________________________________
____________________________________________________________________
____________________________________________________________________
________________________

**Gawain 11 : Pagsasalaysay ng Natuklasang Kaalaman**

May natuklasan ka tungkol sa idinadaos na *festival* sa Mambukal tuwing buwan ng Hunyo at ito ay isasalaysay mo sa loob ng anim hanggang walong pangungusap lamang. Pamagatan mo itong "Ang Mudpack Festival sa Negros."

## Ang *Mudpack Festival* sa Negros

**TANDAAN**

Kung napansin mo ang mga pangungusap sa alamat ay mapupunang hanggang maaari ay iniiwasan ng manunulat na paulit–ulit na gamitin ang mga pangngalan nang sa gayon ay maging masining ang pagkukuwento. Dito pumapasok ang mga *cohesive devices* gaya ng anapora at katapora na lalong nagpaibayo sa kagandahan ng pahayag o seleksyon. Kaya sa dakong ito ay inaanyayahan kang mangalap ng kaalaman tungkol sa mga panghalip na maaaring gamitin sa pangungusap.

**Gawain 12: Pananaliksik ng mga *Cohesive Devices***

Ang mga *cohesive devices* na nabanggit ay gusto kong pag-aralan mo nang sa gayon ay mapapaganda mo ang anumang pahayag na gagamitin sa pakikipag-ugnayan sa kapwa tao. Kaya tingnan at pag-aralan ang mga sumusunod na *website.*

http://www.santonino-lcandijay-bohol.org/orain/francis/filipino/f2/f2_kabanata1_page19.html
Mababasa *sa website* na ito kong ano ang anapora at katapora na mga *cohesive devices* upang maiwasan ang paggamit ng paulit-ulit ng salita.

http://www.slideshare.net/teodosiojohnanthony/anapora-at-katapora
Mababasa sa *website* na ito ang halimbawa ng mga kataporik at anaporik na mga *cohesive devices* sa Filipino.

http://gurosafilipino.blogspot.com/2010/07/kohesyong-gramatikal-anapora-katapora.html

Sa *website* na ito ay mababasa kung kailan ginagamit ang mga kataporik at anaporik na mga panghalip sa pangungusap.

Sagutin mo ang  mga tanong.

1. Ano ang panghalip at ang mga uri nito? Ipaliwanag.
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________

2. Ano ang gamit ng anaporik at kataporik na panghalip sa pangungusap? Ipaliwanag.
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________

3. Ano pang kaalaman ang natutuhan mo sa panghalip? Itala ito.
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________

Ang mga natutuhan mo sa bahaging ito ay magagamit mo balang-araw sa iyong pagsulat ng katha o di kaya sa isang mabisang pakikipag-ugnayan sa kapwa tao. Kaya, tingnan nga natin kung may naalaala ka sa mga nasaliksik. Ating alamin iyan sa pamamagitan ng isang pagsasanay.

**Gawain 13: Pagsasanay sa Panghalip**

Tingnan natin ngayon kung  hanggang saan ang natutuhan mo sa paksa. Sagutin mo ang mga pagsasanay mula sa *website* na http://gurosafilipino.blogspot.com/2010/07/kohesyong-gramatikal-anapora-katapora.html

**Pagsasanay I**

Panuto: Ang mga sumusunod ay katulad na pahayag mula sa tekstong binasa. Isulat sa patlang ang **PA** kung pagpapatungkol sa anapora ang panghalip na may salungguhit at **PK** kung pagpapatungkol sa katapora ang ginamit na panghalip na may salungguhit sa pahayag.

_____1. Isa sa mga pangunahing pinagkakakitaan ng buwis ng bansa ang turismo dahil ito ay nagbibigay ng napakalaking pera sa kaban ng bansa.

_____2. Sa panahon ng kanyang panunungkulan, pinatunayan ng dating Pangulong Fidel V. Ramos na kaya niyang paunlarin ang turismo sa Pilipinas.

_____3. Ayon sa mga nakaaalam ng takbo ng negosyo sa bansa, bumagsak daw ang turismo sa administrasyong Estrada dahil mahina raw siyang pangulo.

_____4. Isa siyang ekonomista kaya alam ni Pangulong Arroyo kung paano muling sisigla ang turismo sa Pilipinas.

_____5. Ito ang pangunahing dahilan ng pagbagsak ng turismo sa bansa kaya ang terorismo ay patuloy na sinusugpo ng Administrasyong Arroyo.

**Pagsasanay II**

Panuto: Salungguhitan ang *cohesive devices* na ginamit sa mga pangungusap. Isulat sa tapat ng bilang kung ito ay anapora o katapora.

______________1. Si Donya Aurora Aragon-Quezon ang nagtatag ng Krus na Pula. Ikinasal siya kay Pangulong Manuel L. Quezon na isa nang pulitiko noon.

______________2. Katulong si Donya Aurora ni Pangulong Quezon sa pagpapatupad ng Katarungang Panlipunan. Puspusan ang pagkalinga niya sa mga nangangailangan at kapus-palad.

______________3. Nang bumagsak ang Bataan at Corregidor, ang pamilya Quezon ay pumunta sa Amerika. Doon ay tumulong siya sa American Red Cross at patuloy na nakipag-ugnayan sa mga pinunong bayan.

______________ 4.Tapos na ang digmaan nang siya ay bumalik sa Pilipinas. Gayunpaman, tumulong si Donya Aurora sa Pangulong Manuel A. Roxas na mapagtibay ang kalayaan ng Pambansang Krus na Pula.

Kumusta ang nakuha mong iskor? Kapag maganda ang resulta, pupunta ka sa kasunod na aralin. Isang akdang pampanitikan ang iyong babasahin. Ito ay isang kuwento ng mga bayani ng Iloilo.

**TANDAAN**

Kapag sinabing kuwento, maalaala natin na ang alamat na binasa ay tinaguriang ugat ng maikling kuwento sa Pilipinas na nagtataglay ito ng iba't ibang elemento kagaya ng tauhan, tagpuan, banghay at tema. Ngayon, inaasahan ng guro na banghayin mo ito ayon sa pagkasunud-sunod ang alamat na binasa.

**Gawain 14: Pagbanghay ng *Alamat ng Kanlaon***

Ibanghay mo ayon sa tamang pagkasunud-sunod ng *Alamat ng Kanlaon* nang maisalaysay ito nang malinaw at maayos.Gamitin ang grapikong pantulong sa pagbanghay ng alamat.

**Alamat ng Kanlaon**

Kasukdulan:

Suliranin:

Kakalasan:

Saglit na Kasiglahan:

Wakas:

Pasimula

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Sa paanong paraan mo binanghay ang alamat na binasa? Ipaliwanag.
_____________________________________________________________________
_____________________________________________________________________
_____________________________________________________________________
_____________________________________________________________________

2. Ano ang pinakamahalagang bahagi ng kuwento? Bakit mo nasabi ito? Ipaliwanag ang sagot.
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________

3. Sa kabuuan, ano ang sinasalaming kultura ng akdang binasa? Ipaliwanag.
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________

Nakasisiyang malaman na napuna mo ang mga pamahiin, kaugalian at paniniwala ng mga tao sa alamat na binasa kung kaya dadako na naman tayo sa isa pang gawaing magpapalalim ng kaalaman mo tungkol sa mga akdang pampanitikan ng Kabisayaan.

Kung may alamat at iba pang kuwentong- bayan ang Mindanao, mayroon din ang Kabisayaan. Maliban doon may mga kilala rin silang manunulat ng maikling kuwento, kaya basahin at unawain ang mensaheng ipinaaabot ng kuwento ni Santiago Pepito na mula naman sa lalawigan ng Cebu.

**Gawain 15: Paghawan ng Sagabal**

Higit na mainam kung bibigyan mo muna ng kahulugan ang ilang salita/lipon ng salita na makikita sa akda at nang madagdagan ang iyong kaalaman sa wika. Pagkatapos, gamitin mo ito sa makabuluhang pangungusap.

1.Malinaw -________________________________________________

Pangungusap:__________________________________________

____________________________________________________

2.Umalipin -___________________________________________

Pangungusap:__________________________________________

____________________________________________________

3. Tigang -_____________________________________________

Pangungusap:__________________________________________

____________________________________________________

4.Nanlilisik -__________________________________________

Pangungusap:__________________________________________

____________________________________________________

5.Misteryo -___________________________________________

Pangungusap:__________________________________________

____________________________________________________

6. Nauntol -____________________________________________

____________________________________________________

Pangungusap:__________________________________________

____________________________________________________

7. Pananaw -_________________________________________

Pangungusap:_________________________________________

_____________________________________________________

8. Matulin -__________________________________________

Pangungusap:_________________________________________

_____________________________________________________

9. Laot-______________________________________________

Pangungusap:_________________________________________

_____________________________________________________

10. Naantig -__________________________________________

Pangungusap:__________________________________________

_____________________________________________________

11. Hiyawan -_________________________________________

Pangungusap:__________________________________________

_____________________________________________________

12. Nagkagutay-gutay_____________________________________

Pangungusap:__________________________________________

http://daluyanngdiwaatpanitik.weebly.com/unang-markahan.html



Ngayon ay basahin mo ang maikling kuwentong *Paalam sa Pagkabata* at tatalakayin natin ang nilalaman nito.

**Pagbasa 2**

***Paalam sa Pagkabata***

*ni Santiago Pepito*

*(Kuwento/Cebuano)*

*Salin ni Nazareno D. Bas*

http://daluyanngdiwaatpanitik.weebly.com/unang-markahan.html



Wala akong nakikitang pagbabago. Tulad nang nagdaang mga madaling-araw: ang ginaw, katahimikan, dilim- iyon din ang bumubuo ng daigdig ng aking kamalayan. Maraming bagay ang dapat mailarawan. Ngunit alam kong iisa lamang ang kahulugan ng mga iyon. Alam ko.

Sa kabilang silid, sa kuwarto nina Nanay at Tatay, naririnig ko ang pigil na paghikbi. Umiiyak na naman si Nanay. Ang sunud-sunod na paghikbi ay tila pandagdag sa kalungkutan ng daigdig. Napabuntong-hininga ako. Umiiling-iling. Hanggang ngayon hindi ko pa nakikita ang tunay na dahilan ng damdaming iyon na matagal nang umalipin sa kanya.

Walang malinaw sa aking isipan. Mula sa aking pagkamulat ang pagkainip ay kakambal ng aking buhay. Sa aking pag-iisa di ko maiwasan ang pangarap na magkaroon ng batang kapatid na nag-aangkin ng mabangong hininga at taglay ang ngiti ng isang anghel. Ngunit ang damdamin ko'y tila tigang na lupang pinagkaitan ng ulan.

Maliwanag na ang silangan nang ako'y bumangon. May bago na namang

umaga. Ngunit ang tanawin sa bahay ay walang pagbabago. Tulad ng dati, nakikita ko si Nanay na nakaupo at nag-iisip sa may hagdanan. Nakatitig siya sa sampayan ng lambat ni Tatay. At madalas ang kanyang pagbubuntong-hininga

Matagal ko nang nakikita ang sampay na lambat. Ngunit hindi ko nakikitang ito'y ginagamit ni Tatay. Noon ay walang halaga ito sa akin. Nagsimula ang pagpansin ko sa lambat noong ito'y itinapon ni Nanay mga dalawang taon na ang nakakaraan. Galit na galit si Tatay sa ginawa ni Nanay. Pinagbuhatan ni Tatay ng kamay si Nanay. Pagkatapos ipinabalik kay Nanay ang lambat sa sampayan.

"Hanggang ngayon ba'y hindi ka pa nakakalimot, Tomas? Alam ng Diyos na wala akong kasalanan. Ang kanyang ginawa ang siya mong ginagawa tuwing ikaw ay darating sa madaling-araw. Ang kanyang amoy ay siya ring amoy na galing sa dagat. Magkatulad ang inyong ikinikilos. Sino ang hindi mag-aakala na siya ay hindi ikaw? Huli na nang malaman ko ang katotohanan. Huli na nang siya ay aking makilala. Totoong lumigaw siya sa akin. At mula noon ay alam mo iyon. Ikaw ang aking iniibig, Tomas. Kailan mo pa malilimutan ang nangyari?"

Tuluyang umiyak si Nanay. Umungol lamang si Tatay. Nanlilisik ang mga matang tumingin sa lambat at pagkatapos ay bumaling sa akin. May ibig sabihin ang tingin niyang nag-aapoy. Maliban sa takot na aking nararamdaman ay wala akong naintindihan sa pangyayaring iyon.

Mula noon ay hindi na ginalaw ni Nanay ang lambat. Naluma na ito ngunit buong-buo pa rin sa aking paningin. Buong-buo pa rin sa paningin ni Nanay. Ano kaya ang misteryong napapaloob sa lambat na iyon? Alam kong alam ni Nanay ang hindi ko nalalaman. At kailangang malaman ko ito. May karapatan akong makaalam.

Nilapitan ko si Nanay na malalim pa rin ang iniisip. Hinalikan ko ang kanyang kamay. May ibig akong itanong tungkol sa misteryo ng lambat. Ngunit nauntol ang ibig kong sabihin nang magpatuloy ang kanyang pagluha.

"Lakad na Celso, malapit nang dumating ang Tatay mo."

Sa labasan, sumalubong sa akin ang bagong araw. Tumingin ako. Maliwanag ang langit.. Langit? May gumugulo sa aking kalooban. Kalawakan. Iyan ang sabi ng aking guro sa ikaapat na baitang ng primarya. Iyan ay hindi langit kundi hangganan lamang ng pananaw ng tao. Ang langit ay nasa tao. Hindi nakikita. Hindi nahihipo. Hindi naaabot. Naabot na kaya ni Nanay ang langit?

"Ano pa ang hinihintay mo, Celso?

Ipinahid ko sa mukha ang suot kong sando. Humakbang pagkatapos. Maya-maya'y tumakbo na ako ng matulin.

Nasa dalampasigan ang mamamili ng isdang dala ng mga bangkang galing sa laot. Masasaya silang nagkukuwentuhan habang hinihintay ang mga mangingisda. Sumalampak ako sa buhangin, malapit sa kinauupuan ng dalawang lalaking may katandaan na. Sa laot ako nakatingin at pinagmamasdan ang galaw ng mga alon na pandagdag sa kagandahan ng kalikasan.

Napalingon ako nang makarinig ng tugtog ng gitara mula sa di-kalayuang bahay-pawid. At sabay kong narinig ang malungkot na awiting nagsasaad ng kasawian sa pag-ibig. At muli na namang naantig ang aking damdamin. Habang pinakikinggan ko ang malungkot na kundimang umalingawngaw ang mahinang pag-uusap ng dalawang lalaki sa tabi ko.

"Naririyan na naman siya."

"Talagang pambihira ang kanyang pagmamahal. Naniniwala akong nagpapatuloy ang kanyang pangarap habang di pa namamatay ang babae sa kanyang buhay. Hindi nawawala ang kanyang pag-asa. Kung kailan matutupad ang kanyang pangarap Diyos lamang ang nakakaalam."

Dinig na dinig ko ang mga kataga habang nagpapatuloy ang malungkot na kundimang naging bahagi na ng aking buhay. Tumayo ako at ibinaling ang paningin sa bahay-pawid sa lilim ng kaniyugan. Patuloy ang awitin. Humakbang ako ngunit biglang napatigil sa harap ng dalawang lalaking may katandaan na. Naalala ko ang sabi ni Tatay. Bawal pumunta sa bahay-pawid na iyon. Mahigpit ang utos ni Tatay. Nagbabanta ng parusa.
.

Lumingon ako sa laot. Nasa malayo ang mga bangka ng mga mangingisda. Bumaling ako sa pinanggalingan ng awit na ngayo'y gumaganda sa aking pandinig. At para akong hinihila. Nakalimutan ko ang ipinagbabawal ni Tatay. Mabilis ang aking paglakad at sa ilang saglit kaharap ko na ang taong naggigitara at umaawit. May luha sa kanyang mga mata.

Tumitig siya sa akin. Inilapag ang gitara sa ibabaw ng papag na kinauupuan. Tumayo siya at dahan-dahang lumapit sa akin. Kinabahan ako. Umakma akong tumakbo ngunit nahawakan niya ang isa kong kamay. Nagpumiglas ako upang makawala sa kanyang pagyapos sa akin. Ngunit lalong humigpit ang kanyang pagyakap. Umiyak ako.

Ngumiti siya at pinahid ang aking mga luha.Hinimas ang aking ulo. Unti-unting lumuwag ang aking paghinga. Nararamdaman ko ang kanyang pagmamahal nang tumingin ako sa kanya. Muli niya akong niyapos.

"Dalawin mo akong palagi, ha?"

Hindi ako kumibo. Tinitigan ko siya. Ang kanyang mga mata, ang ilong, ang labi- lahat parang nakita ko na. Saan? Alam ko na, sa salamin. Talagang siya ang nakita ko sa salamin na nakasabit sa dingding ng aming bahay.

Napatingin ako sa dalampasigan nang marinig ko ang hiyawan. Nagdatingan na pala ang mga bangka at nag-uunahan ang mga mamimili ng isda. Nagmadali akong tumakbo upang salubungin ang Tatay. Malayo pa ako ng makita ko siyang nakatayo sa may dinaungan ng kanyang bangka. Natanawan niya ako. Masama ang titig niya sa akin. Galit. Kinabahan ako.

"Lapit rito, Celso!"

Malakas ang sigaw ni Tatay. Nanginginig akong lumapit. At bigla akong sinampal.

"Di ko gusto ang batang matigas ang ulo! Di lang sampal ang matitikman mo kapag umulit ka pa. Hala, kunin mo ang mga isda at sumunod ka kaagad sa akin."

Habang naglalakad ay sinalat ko ang pisnging nakatikim ng sampal. Talagang mahirap intindihin si Tatay. Wala namang dahilan upang iwasan ko ang taong nasa bahay-pawid. Di naman dapat katakutan ang kanyang mukha at boses. Bakit kaya hinihigpitan ako ni Tatay?

Matapos akong mag-almusal, nandoon na naman si Tatay sa sampayan ng lambat. Nakatatabako at nagtatagpi ng punit na bahagi ng lambat. Alam kong aabutin siya ng tanghali bago matapos ang kanyang gawain, Matapos makapananghali siya'y matutulog. Pagkagising maghahapunan. At di pa man ganap ang gabi balik na naman sa dagat. Iyan ang buhay ni Tatay at iyan ang bahagi ng aking buhay.
.

Sa aking kinauupuan sa may bintana nakikita ko si Nanay na nakaupo sa may hagdanan. Tahimik at nakatingin na naman sa sampayan ng lambat. Luhaan na naman ang kanyang mga mata. At naalala ko ang pangyayari noong itinapon ni Nanay. Lahat may itinatagong kahulugan. At naalala ko ang nangyari kanina sa dalampasigan. Naalala ko iyong tao.

Lumapit ako sa salamin sa dingding. Pinagmasdan ko ang aking sarili. Nakita ko sa aking isipan ang mukha ng tao. Unti-unting lumiwanag ang aking kamalayan. Biglang kumulo ang aking dugo habang iniisip ang nakasampay na lambat. Nagdilim ang aking paningin. Nadama kong inihahanap ko ng katarungan ang aking kalagayan.

Nagpunta ako sa kusina. Hinanap ko ang itak ni Nanay na pangsibak ng kahoy. Bitbit ko ito at pinuntahan ang sampayan ng lambat. Pinagtataga ko ang lambat.

“Huwag, Celso!” saway ni Nanay na nanginginig ang boses. “Huwag!”

Naiiba sa aking pandinig ang pagsigaw ni Nanay. Pati si Tatay ay natigilan at nabigla sa aking ginawa ay hindi ko pinansin. Hinalibas ko ng itak ang lambat at saka lang ako tumigil nang ito’y magkagutay-gutay na at nagkalat sa aking paanan.

“Celso!”

Nag-aapoy ang mga mata ni tatay na humarap sa akin. At sa unang pagkakataon ay hindi ko inalis ang aking tingin sa kanya. Nilabanan ko siya ng titigan. Di ako nagagalit kundi humihingi lamang ng pang-unawa. Ngunit bigla akong napatimbuwang nang matamaan ng malakas na suntok at napahiga sa pira-pirasong wasak na lambat.

Nahihilo ako, parang ibig himatayin. Umiikot ang aking paningin. Parang may nakita akong anino – si Tatay na sumusurot kay Nanay.

“Ngunit, Tomas,” nagmamakaawa si Nanay. “Wala siyang kasalanan. Maawa ka sa kaniya.” “Pumanhik ka, Isidra!” singhal ni Tatay. “Pumanhik ka na habang ako’y nakapagpipigil pa.”

Dahan-dahan akong bumangon at sumuray-suray na lumapit kay Tatay. Ngunit isang tadyak ang sumalubong sa akin. Napatihaya ako ngunit tinangka kong makatayo. Mabigat ang pakiramdam ko sa aking katawan at ako’y gumapang. Ngunit sinabunutan ako ni Tatay at iningungod sa lupa ang aking mukha. Humihingal ako ngunit di ko makuhang umiyak. Nasasalat ko ang magkahalong dugo at pawis sa aking pisngi.

Di ko pansin ang mga gasgas sa dalawang siko. Sa labis na panghihina’y umusad ako nang umusad. Hanggang sa nangangatog kong mga bisig ay yumapos sa mga binti ni Tatay. Naramdaman ko ang panlalamig ng katawan at ako ay napahandusay sa kanyang paanan.

Hindi ko na alam kung gaano katagal ang pagkawala ng aking malay. Naramdaman ko na lamang may maiinit na mga bisig na yumayakap sa akin. Kinusot ko ang aking mga mata. Sumalubong sa aking paningin ang maamong mukha ni Tatay. Pagsisisi.  Pag-unawa. Lahat ay kasalungat sa dati niyang gawa. Lalong humigpit ang kanyang pagyakap at kinabig ang aking mukha sa kanyang dibdib sa tapat ng kanyang puso. Matagal.

Sagutin ang mga inihandang tanong.

1. Ano-ano ang mga katanungan ni Celso sa sarili na gusto niyang mabigyan ng kasagutan? Ipaliwanag.
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
2. Paano nabigyan ng kasagutan ang lahat ng mga tanong ni Celso? Ipaliwanag.
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
3. Anong damdamin ang namayani kay Celso at sinira niya ang lambat? Bakit? Ipaliwanag.
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
4. Sa paanong paraan naunawaan ni Celso ang misteryong nakabalot sa kanyang pagkatao? Ipaliwanag.
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
5. Sa lahat ng uri ng trabaho, bakit ang pangingisda ang hanapbuhay na tinalakay sa kuwento? Ipaliwanag.
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
6. Anong uri ng kuwento ang kuwentong “ Paalam sa Pagkabata”? Bakit?
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
7. Anong kaisipan tungkol sa buhay ang napulot sa akda? Ipaliwanag.

____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________

8. Anong kulturang Pilipino ang nasasalamin sa kuwento? Ipaliwanag.
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________


9. Sa kabuuan, bakit nga ba natin kailangang unawain ang panitikan ng mga lalawigan sa Kabisayaan? Ipaliwanag.
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________

Sumasang-ayon ako sa iyong sagot. Basahin mo naman ang halimbawa ng epikong galing naman sa lalawigan ng Panay at nang makita natin ang mga bagay na pinaniniwalaan nila at pinahahalagahan sa buhay.

**Gawain 17: Pagsusuri ng Epiko**


**Pagbasa 3**

Dalawang halimbawa ng epiko ang inihanda ko para basahin mo. Pumili lamang ng isa dito at habang nagbabasa ay gusto kong punahin mo ang epiko, itala ang mga mahalagang pangyayaring naganap dito at suriin kung bakit nga ba itinuring na bayani ang pangunahing tauhan.




http://valvillar.net/Hinilawod

**Hinilawod**

Natutulog si Buyong Humadapnon sa kaniyang duyan nang magpakita sa kaniyang panaginip sina Taghuy at Duwindi, ang mga kaibigan niyang espirito. Sinabi ng dalawa na marapat nang hanapin ng datu ang kaniyang babaeng mapapangasawa, na kapantay niya ng uri. Ibig sabihin, anak-maharlika rin, may kapangyarihan, bulawan ang buhok at may alam sa panggagamot. Ang babae'y si Nagmalitong Yawa, anak nina Buyong Labaw Donggon at Uwa Matan-ayon.

Humiling si Humadapnon ng permiso sa magulang na maglakbay para hanapin ang kaniyang mapapangasawa. Sa tulong ng mag-anak, pinagsama-sama nila ang kanilang mga dugo mula sa daliri at nakalikha sila ng isang datung kapamilya na si Buyong Dumalapdap. Si Dumalapdap ang makakasama ni Humadapnon sa kaniyang adbentura, sakay ng ginintuang biday o barangay na pamana pa ng magulang sa binata.

Bilang preparasyon sa paglalakbay, dumaan muna si Buyong Dumalapdap sa pagsasanay. Anim na ulit siyang sinibat ng kapatid at namatay. Muli naman siyang binubuhay hanggang sa sumapit ang ikapitong pagsibat at nakayanan ni Dumalapdap na iwasan ang rumaragasang patalim na kasimbilis ng kidlat.

Sumulong na ang ginintuang biday ni Humadapnon. May ritwal muna bago ito isulong sa dagat: pinausukan ng kamanyang at dinasalan para sa maayos na paglalakbay. Pinaalalahanan ang binata ng kaniyang magulang na mag-ingat sa engkantadong isla ng Tarangban. May puwersa itong bumubura sa konsepto ng pinagmulan.

Hindi naman natinag si Humadapnon. Hanggang sa narating nila ito at kaniyang narinig ang paanyaya ng yuta-yutang binukot. Napakaganda ng mga tinig at nahalina ang binata. Pinigil naman siya ni Dumalapdap at laging pinapaalala ng marapat nilang puntahan.

Ang Tarangban ay isla ng mga binukot (well-kept maidens). Sa una, ayaw pagbigyan ni Humadapnon ang paanyaya ngunit nang lumitaw ang pinakabunso, pinakabatang binukot na si Malubay Hanginon, naakit ang binata at umibis ng kaniyang sinasakyan. Tinanggap niya ang inaalok na nganga ng binukot. Doo'y siya'y nakapagtalik sa yuta-yutang mga dalaga. Itinuring ng binata na kalaro at laruan lamang ang mga binukot. Inabot ng pitong taon ang pakikipagtalik niya ang mga binukot sa isla.

Si Humadapnon ay nagtangkang umalis, nagsara ang yungib ng Tarangban. Naging bihag ang binata. Nagluksa naman si Dumalapdap sa kapalaran ng kapatid. Hindi sila nagtagumpay sa paghahanap ng tamang binibini at sa pagpapatnubay sa isa't isa sa tama.

Bumalik sa kanilang tahanan si Dumalapdap. Ipinaalam niya ito sa kaniyang magulang ang nangyari. Nangako naman ang magulang na gagawin ang makakaya. Hindi nagtagumpay ang mag-anak. Nangako sila ng pabuyang kayamanan (para sa lalaking tagapagligtas) at kasal (para sa babae).

Hindi nagtagumpay ang kalalakihan, gayundin ang mga dalagang babaylan. Nanangis sa harap ng Tarangban si Dumalapdap hanggang sa makaisip ang kaniyang mga kaibigang espiritong sina Duwindi, Taghuy, at Hangin na pakiusapan ang binibining talaga naman nilang pakay sa paglalakbay. Mangyari, siya lamang ang maaaring makapagligtas sa nakulong na binata dahil magkasinlakas sila.

Sa paanyaya, pang-uudyok at pananakot ng mga espirito, napapayag na rin si Nagmalitong Yawa. Una, sinabi nilang kapatid ang nakulong. Ngunit ipinagtapat nilang iyon ang binatang ang diwata ang pakay. Nagbalatkayo si Nagmalitong Yawa bilang lalaki (buyong, datu). Ang hindi lamang niya maitago ay ang kaniyang matamis na amoy ng isang binukot. Pagdating nila sa Tarangban, naakit muli ang mga binukot. Binuksan nila ang Tarangban sa galak na makakitang muli ng makisig na binata.

Bilang nagbabalat-kayong lalaki, nagsa-mandirigma si Buyong Sunmasakay. Pinaslang niyang lahat ng mga binukot sa isla, maging ang pinakapinunong si Lubay Hanginon ay kaniyang sinaksak. Tumambad naman si Humadapnon na naengkanto. Wala na ito sa kaniyang sarili. Sa tulong ni Buyong Sunmasakay at ng mga kaibigang espirito, ibinalik nila ang buhay (tubig buhat sa

ikapitong antas ng langit) at katinuan ang nabihag na bayani. Hindi naman nagpakilala si Nagmalitong Yawa bilang tagapagligtas ng lalaki.

**Labaw Donggon**
(Epikong Bisaya)

Si Labaw Donggon ay anak nina Anggoy Alunsina at Buyung Paubari. Siya ay napakakisig na lalaki na umibig kay Abyang Ginbitinan. Binigyan niya ng maraming regalo ang ina ni Abyang Ginbitinan na si Anggoy Matang-ayon upang pumayag lamang na makasal ang dalawa. Inimbita niya ang buong bayan sa kanilang kasal.

Hindi nagtagal ay umibig siyang muli sa isang magandang babae na nagngangalang Anggoy Doronoon. Niligawan niya ito at sila ay nagpakasal.

Muling umibig si Labaw sa isa pang babae na nagngangalang Nagmalitong Yawa Sinagmaling Diwata. Ngunit ang babae ay nakasal na kay Buyung Saragnayan na katulad niya na may kapangyarihan din.

“Patayin mo muna ako bago mo makuha ang aking asawa.” sabi ni *Buyung Saragnayan* sa kanya.

“Handa akong kalabanin ka”, sagot ni *Labaw* kay Saragnayan.

Naglaban sila ng maraming taon gamit ang kanilang mga kapangyarihan ngunit hindi mapatay ni Labaw si Saragnayan. Mas malakas ang kapangyarihan ni Saragnayan kaysa kay Labaw. Natalo si Labaw at siya ay itinali at ikinulong sa kulungan ng baboy ni Saragnayan.

Samantala ang kanyang mga asawa na sina Abyang Ginbitinan at Anggoy Doronoon ay nanganak sa kanilang panganay. Tinawag ni Abyang ang kanyang anak na Asu Mangga at si Anggoy Doronoon na Buyung Baranugun. Gustong makita si Labaw ng kaniyang dalawang anak at nagpasya na hanapin siya. Sa tulong ng bolang kristal ni Buyung Barunugun ay nalaman nila na bihag siya ni Saragnayan.

Ang dalawang magkapatid ay nagtagumpay sa pagpapalaya sa kanilang ama na napakatanda na at ang kanyang katawan ay nababalutan na ng mahabang buhok.

“Kailangan ninyo munang malaman ang sikreto ng kapangyarihan ni Saragnayan bago ninyo siya labanan!”. sabi ni *Labaw* sa kanyang dalawang anak.

"Opo ama", sagot ni *Baranugun*. "Ipapadala ko sina Taghuy at Duwindi kay Abyang Alunsina upang itanong ang sikreto ng kapangyarihan ni Saragnayan."

Nalaman ni Baranugun kay Abyang na ang hininga ni Saragnayan ay itinatago at pinangangalagaan ng isang baboy ramo sa kabundukan. Siya at si Asu Mangga ay nagtungo sa kabundukan upang patayin ang baboy ramo. Kinain nila ang puso nito na siyang buhay ni Saragnayan.

Biglang nanghina si Saragnayan. Alam niya kung ano ang nangyari.

Nagpaalam siya kay Nagmalitong Yawa. Handa na siya upang kalabanin ang dalawang anak ni Labaw. Si Baranugun lamang ang humarap sa kanya sa isang madugong laban. Napatay siya ni Baranugun sa isang mano-manong laban. Pagkatapos ng labanan ay hinanap nila ang kanilang ama. Nakita nila na siya ay nakasilid sa lambat ni Saragnayan. Natakot sila sa mga kapatid ni Saragnayan. Pinatay silang lahat ni Baranugun at pinalaya si Labaw sa lambat.

Nang makita nina Abyang Ginbitinan at Anggoy Doronoon si Labaw ay napaiyak sila sa pighati. Nalaman nilang hindi na makarinig si Labaw, hindi na rin nito nagamit ang pag-iisip. Pinaliguan nila ito, binihisan at pinakain. Inalagaan nila ito ng mabuti. Samantala, sina Buyung Humadapnon at Buyung Dumalapdap, mga bayaw ni Anggoy Ginbitinan ay ikinasal kina Burigadang Pada Sinaklang Bulawan at Lubaylubyok Hanginon Mahuyukhuyukon. Ang dalawang babae ay ang magagandang kapatid ni Nagmalitong Yawa.

Nang malaman ni Labaw Donggon ang kasal sinabi nito sa dalawang asawa na nais niyang mapakasalan si Nagmalitong Yawa Sinagmaling Diwata.

"Gusto kong magkaroon ng isa pang anak na lalaki!" sabi ni *Labaw Donggon*.
Nagulat sina Abyang Ginbitinan at Anggoy Doronoon sa sinabi ng asawa at dahil mahal na mahal nila ang asawa ay tinupad nila ang kahilingan nito. Humiga si Labaw sa sahig at inalagaan siya ng dalawang babae na kanyang mga asawa hanggang sa siya ay gumaling. Naibalik naman agad ang kanyang lakas at sigla ng isip. Masayang-masaya si Labaw at ang kanyang tinig ay umalingawngaw sa buong lupain.

Sagutin ang mga tanong.

1. Ano ang katangiang taglay ng mga pangunahing tauhan sa epiko? Ipaliwanag.
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________

2. Anong paniniwala, pamahiin at kaugalian ng mga taga-Visayas ang napuna sa epikong binasa? Ipaliwanag.
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________

3. May pagkakapareho ba sa paniniwala at kaugalian ang mga akdang pampanitikan ng Mindanao sa Visayas at maging sa inyong sariling lalawigan? Ipaliwanag.
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________

4. Ano naman ang katangiang taglay ng mga bayani natin sa kasalukuyang panahon? Ipaliwanag.
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________

5. Ano ang kabayanihan at paano mo masasabing bayani ang isang tao? Ipaliwanag.
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________

Makikita mo sa epikong binasa ang mga salitang *mas malakas*, *kasim-bilis*, *magkasinlakas* at marami pang iba. Ang mga ito ay mga salitang ginagamit sa paghahambing ng dalawang bagay. Ito ay mga salitang naglalarawan na karaniwang makikita sa mga pahayag at ang mga ito ay pag-aaralan sa bahaging ito ng modyul.

**Gawain 18 : Pagsasanib ng mga Pahayag**

Atin ding palawakin ang iyong kaalaman sa mga pahayag na naghahambing sa pamamagitan ng pananaliksik. Buksan ang sumusunod na *website* at alamin kung ano pa ang halimbawa ng mga salitang naghahambing.

http://filipinosubject.blogspot.com/2007/12/pang-uri-adjective.html

Mababasa sa *website* na ito ang katuturan ng pang-uri na pahambing at ang mga halimbawa nito.

http://lessonproper.blogspot.com/2011/10/kaantasan-ng-pang-uri.html

Mababasa sa *website* na ito ang kaantasan at halimbawa ng mga pang-uri na naghahambing.

http://teksbok.blogspot.com/2013/01/tayutay.html
Mababasa sa *website* na ito ang mga halimbawa ng tayutay na naghahambing.

Sagutin ang tanong mula sa nakalap na mga impormasyon sa mga *website*.

1. Ano ang gamit ng pang-uri sa pangungusap? Ipaliwanag.
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________

2. Ano ang dalawang uri ng pahambing at sa mga anong sitwasyon sila ginagamit? Ipaliwanag.
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________

3. Gaano kahalaga ang mga pahayag na pahambing sa paglalarawan ng tao o lugar o pangyayari? Ipaliwanag.
   ________________________________________________________________
   ________________________________________________________________
   ________________________________________________________________
   ________________________________________________________________

4. Ano naman ang tayutay na pagtutulad at ano ang kaugnayan nito sa pang-uri bilang mga salitang naghahambing? Ipaliwanag.
   ________________________________________________________________
   ________________________________________________________________
   ________________________________________________________________
   ________________________________________________________________

Atin namang alamin kung ano ang mga bagay na iyong naunawaan sa mga pahayag na paghahambing. Kaya sagutin ang mga pagsasanay na inihanda para sa iyo.

**Gawain 19: Paggamit ng mga Pahayag na Naghahambing sa Pangungusap**

Suriin mo ang mga pangungusap sa ibaba at pagkatapos ay kunin sa kahon ang salita o lipon ng mga salita na dapat ipuno sa patlang.

| | | | |
|---|---|---|---|
| Sintamis | Mas maunlad | Mas maasim | Higit |
| Mas malamig | Di–gaano | Magkasintayog | Mas |
| Mas mainit | Di-gasino | Magkasimbango | Kapwa mabait |

1. ____________ang sampalok kaysa mangga.
2. ____________ng asukal ang kanyang ngiti.
3. ____________ ang mga pangarap nila sa buhay.
4. ____________naman siyang nahirapan sa pagtitinda ng gulay sa palengke.
5. Sa panahon ng Batas Militar,___________ na makapangyarihan ang mga sundalo kaysa sibilyan.
6 .____________mahal ng Maykapal ang mga taong may busilak na puso.
7. ___________ang pamumuhay ang mga mamamayan sa lungsod kaysa lalawigan.

8. ___________pa sa yelo ang pakikitungo niya sa kaibigan.
9.___________ ang magkaibigang sina Ana at Rosa.
10.__________ang bulaklak na rosas at rosal.

Ihambing mo ang iyong sagot sa iba at nang malaman mo ang lawak ng iyong kaalaman sa paksa.

Magkatulad ba ang iskor mo sa sagot ng ibang mag-aaral? Kung gayon, dadako naman tayo sa iba pang gawain kaugnay sa mga akdang pampanitikan ng Kabisayaan.

Sa pagkakataong ito, isang sipi ng dula mula sa *youtube* ang gusto kong panoorin mo at pagkatapos ay pag-usapan natin ang nilalaman nito.

**Gawain 20: Panonood at Pagsusuri ng *Video***

I-klik ang *link* na ito: http://www.youtube.com/watch?v=URC-yITcbI4
Mapapanood sa youtube na ito ang siniping bahagi ng pelikulang "Yanggaw".

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Anong wika ang ginamit sa *indie film* na pinanood at bakit ang wikang ito ang ginamit? Ipaliwanag.
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________

2. Sa paanong paraan ipinapakita ng ama ang pagpapahalaga niya sa kanyang mga anak? Ipaliwanag.
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________

3. Ano naman ang paniniwala ng mga tao ang naipakita sa *video*? Ipaliwanag.
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________

4. Totoo bang may aswang at nagmula sila sa lalawigan ng Iloilo? Pangatwiranan ang sagot.

________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________

5. Bakit kaya nakagawian ng mga matatanda na takutin ang mga bata sa pamamagitan ng mga paniniwalang may aswang, engkanto at iba pa? Ipaliwanag.

________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________

6. Sa panonood ng dula, ano naman ang bagay na nalinang sa iyong isipan? Ipaliwanag.


________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________

7. Ngayon, maaari mo bang masabi kung bakit kailangan nating unawain ang mga akdang pampanitikan ng Kabisayaan? Ipaliwanag.
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________

**TANDAAN**



Kung may paniniwala sa mga engkanto at aswang ay may paniniwala naman ang mga matatanda na sa pamamagitan ng pananampalataya ay maaaring masugpo ang mga kasamaang nagawa ng mga masamang espirito o elementong nabanggit. Ang mga ito ay makikita sa mga ritwal at sayaw na siyang pinag-ugatan ng dula. Sa bahaging ito ay gusto kong mangalap ka ng impormasyon tungkol sa usaping ito sa pamamagitan ng pakikipanayam sa mga nakakatanda kung ano ang pinagmulan ng mga pestibal sa iyong sariling lalawigan kagaya ng Dinagyang sa Iloilo, Ati-atihan sa Aklan, Sandugo sa Bohol, Pintados sa Tacloban at Maskara sa Bacolod.Tingnan ang halimbawa na siyang maging gabay mo sa pagsulat ng panayam.



**Ang Sinulog sa Cebu**

**Pagbasa 4**

Ipinagdiriwang tuwing Enero ang Sinulog sa Cebu. Santo Niño Hala, Bira!" tambol, palakpak at hiyawan ng tao. Ang Sinulog ay salitang Cebuano na ang ibig sabihin ay "tulad ng agos ng tubig" na tumutukoy sa urong-sulong na padyak ng sayaw.

Ang Sinulog ay sinasayaw noon ng mga Pilipino bilang pagpupugay sa kanilang mga anito.

Nakilala si Santo Niño sa Cebu nang ibigay ni Magellan ang imahe nito sa asawa ni Rajah Humabon. Ginamit ito ng babae upang basbasan ang kanilang mga tauhan na mailayo sa sakit at masamang espirito.

Ang pagsamba ng mga Cebuano sa mga anito ay nabago sa pagbubunyi nila sa Santo Nino. Isang debosyon na dinadayo ngayon ng mga lokal.

Handa ka na ba? Kung gayon ay magsaliksik at makipanayam ka sa mga dalubhasa o mga matatanda na nakakaalam ng kasaysayan ng iyong sariling lalawigan kagaya ng halimbawa sa itaas at sa *Mudpack Festival* at igawa ito ng ulat sa loob ng walo hanggang sampung pangungusap lamang.

**Gawain 21: Pagsulat ng Panayam**

Igawa mo ng paglalarawan o pagsasalaysay ang kaalamang nakalap tungkol sa pestibal ng sarili mong lalawigan.

______________________________

________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
_________

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Ano ang napansin mo sa sarili habang nananaliksik at nakikipanayam ka sa kapwa tungkol sa pestibal na idinaraos sa iyong lalawigan? Bakit? Ipaliwanag.

   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________

2. Batay sa ginawang pananaliksik at pakikipanayam, ano ang natutuhan mo sa kasaysayan ng sarili mong lalawigan? Ipaliwanag.

   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________

3. Maipagmamalaki mo ba ang sarili mo sanhi ng makasaysayang lugar na iyong pinanggalingan? Bakit? Ipaliwanag.
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________

4. Kung bibigyan ka ng pagkakataong ipakita ang pagpapahalaga sa sariling lalawigan, sa paanong paraan mo kaya ito gagawin? Bakit? Ipaliwanag.
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________

Sa bahaging ito, gumawa ka ng tula na may dalawang saknong na nagpapakita kung bakit mahal mo ang iyong lalawigan. Sa unang saknong, ilarawan mo ang katangian ng lugar at sa ikalawang saknong naman ay ipaliwanag mo ang dahilan kung bakit mo ito minahal.

Mula sa iyong ginawang panayam at ulat sa pestibal ng sarili mong lalawigan ay sumulat ka ng dalawang saknong ng tula na nagpapaliwanag kung bakit dapat mahalin ang sariling lugar. Matapos mabuo ang saknong ng tula ay bigyan mo ito ng buhay sa pamamagitan ng masining na pagbigkas nito.

____________________________________________

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

Matapos mabuo at mabigkas ang ginawang tula, suriin mo ang lakas at kahinaang napansin mo sa sarili tungkol dito at nang mapagtibay pa sa susunod na gawain.

**Gawain 23: Pagsusuri ng Tulang Binuo**

Suriin ang nilikhang tula sa pamamagitan ng tseklist sa ibaba. Lagyan ng tsek (✓) kapag napuna mo ang kalakasan ng binuong tula at ekis (x) naman ang kahinaan nito.

**Tseklist ng Kaalaman at Kasanayan sa Pagsulat ng Tula**

| | |
|---|---|
| | 1. Kakikitaan ng pagpapahalaga sa lugar na kinagisnan ang tula. |
| | 2. Nagkakatugma ang huling pantig ng mga salita sa bawat linya ng tula. |
| | 3. Piling- pili ang mga salitang ginamit sa tula. |
| | 4. Nanghihikayat ang tula na bisitahin ang lugar. |
| | 5. Gumamit ng mga tayutay ang tula. |
| | 6. May kaisipang mapupulot sa tula. |
| | 7. Gumamit ng mga simbolo ang tula. |
| | 8. Makikitaan ng mga salitang balbal ang tula. |
| | 9. Maganda ang mensahe ng tula. |
| | 10. Nakakaaliw bigkasin ang tula. |

Sa ginawa mong pagsusuri sa iyong nilikhang tula, magagamit mo ito upang higit mong mapaayos ang iyong gawa sa susunod na pagkakataon. Samantala, balikan muna natin ang *video* na napanood.

Habang tinatalakay ang *videong* napanood ay napansin ng guro na gumamit ka ng salitang *totoo, pero, una* at iba pa. **Pang-ugnay** ang tawag sa mga ito na ginagamit sa paghihikayat, pagsusunod-sunod ng mga pangyayari at pagsasalaysay. Pagyamanin mo naman ngayon ang iyong pag-unawa at kaalaman tungkol sa bahaging ito ng pananalita sa pagsasagawa ng sumusunod na gawain.

**Gawain 24: Pagsasaliksik ng mga Pang-ugnay**

Sa pamamagitan ng pag-klik ng mga *link* sa ibaba, masasaliksik at mababasa mo ang mga pang-ugnay na nanghihikayat, napagsusunod-sunod ng mga pangyayari at nagsasalaysay.

http://szhayne.wordpress.com/wika/modyul-3-7-panandang-pandiskurso/

Mababasa sa *link* na ito ang mga halimbawa ng pang-ugnay na pangatnig na karaniwang ginagamit sa paglalahad at sa pagpasunud-sunod ng mga pangyayari. Kalakip dito ang mga inihandang mga pagsasanay hinggil sa paksa.

http://beverleymendoza.wordpress.com/2013/08/16/mga-aralin-sa-masining-na-pagpapahayag/

Mababasa sa website na ito ang mga halimbawa ng pang-ugnay na nagpapatunay, nagsasalaysay, naghahambing at napagsunod-sunod ang mga pangyayari.

Sagutin ang inihandang mga tanong matapos mabasa ang nilalaman ng *website.*

1. Ano ang iyong napunang gamit ng mga pang-ugnay na ginagamit sa paglalahad at pagpasunud-sunod ng mga pangyayari? Ipaliwanag
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________

2. Ano ang kahalagahan ng iba't ibang uri ng pang-ugnay sa pagpapalawak ng pangungusap? Ipaliwanag.
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________

3. Paano naman nakatutulong ang kaalaman sa wastong gamit ng wika sa paghihikayat o pagbibigay ng patunay sa mga bagay na ating pinaniniwalaan at pinaninindigan? Ipaliwanag.
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________

4. Sa kabuuan, ano ang pagbabagong nalinang sa iyo matapos mong mapag-aralan ang antas ng wika, mga pahayag na naghahambing, panghalip at pang-ugnay? Ipaliwanag.
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

Ang husay igawa ng awit ang lahat ng mga natutuhan mo sa modyul na ito. Sa ganitong paraan ay higit mong pahahalagahan ang iyong natutuhan. Halika at panoorin mo ang halimbawa ng isang awiting-bayan mula sa Negros Occidental.

**Gawain 25: Panonood ng *Video***

Panoorin mo ang *video* ng awiting naglalarawan sa mga mamamayan ng lungsod ng Bacolod. I-klik ang *link* na ito: http://www.youtube.com/watch?v=oU3bCvsf1WI

Kami Bacolodnon
(Bacolod City Hymn)
-Music and Lyrics by Bagguer Villaluz

(Martsa)
Kami tumandok nga Bacolodnon
Bantug kag dalayawun
Mainuswagon kag malipayon
Kami nga Bacolodnon.

Sa kalisud kag katawhayan, kasakit, kalipayan
Ang Bacolodnon indi malingkang
Sa Diyos ang kina-adman.

Koro:
Bacolod ikaw (aton) halungan
Kag dapat gid nga dampigan Isinggit sa kalalawran
Bacolod, kong natawhan.

Bugal sang Negros kag Pilipinas
Bulawanon ang maragtas
Maghikot-pandot kag pasidunggan
Bacolod ang halaran.

(Koro )

Coda:
Ang Bacolodnon, ang Bacolodnon
Matam-is mag yuhum-yuhum

Sagutin ang mga tanong mula sa awit.

1. Ano ang wikang ginamit sa awit? Ipaliwanag.
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

2. Sa paanong paraan naman isinulat ang awit? Ipaliwanag.
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

3. Maituturing ba na halimbawa ng awiting-bayan ang awit sa itaas? Bakit mo nasabi ito? Ipaliwanag.
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

4. Bilang halimbawa awiting-bayan,ano ang mga katangiang napupuna mo rito? Ipaliwanag.
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

5. Anong kultura ng mga Bacolodnon ang sinasalamin sa awit? Ipaliwanag.
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________

> Napansin mo na ang awit na naisulat sa wikang Hiligaynon ay may sukat at tugma. Ang wikang Hiligaynon ay ang wikang ginagamit ng mga tao mula sa Negros Occidental at Iloilo. Maliban sa sukat at tugma, ginamitan din ang awit ng mga tayutay at talinhaga na lalong nagpapasining sa kaisipang nais nitong bigyang-diin.
>
> Upang higit na mapalalim ang iyong pag-unawa, pansinin kung anong awit, ang tayutay at talinghaga sa sumusunod na *website.*

**Gawain 26: Pananaliksik sa mga Uri ng Tayutay, Talinhaga, Awiting-bayan at mga Paraan sa Pagsulat ng Teksto**

I-klik ang mga sumusunod na *link* upang mabasa at masuri ang mga tayutay, talinghaga, awiting-bayan at paraan ng pagsulat ng teksto.

http://pasundayagfilipino3.blogspot.com/2012/01/mga-uri-ng-tayutay-at-mga-halimbawa.html
Makikita sa *website* na ito ang mga uri at halimbawa ng tayutay.

http://fil.wikipilipinas.org/index.php/Tayutay
Mababasa sa *website* sa itaas ang katuturan ng iba't ibang uri ng tayutay.

http://pinoyresource.blogspot.com/2009/03/mga-karaniwang-uri-at-halimbawa-ng.html
Mababasa rin sa *website* na ito ang iba't ibang uri at halimbawa ng tayutay.

http://www.phrasebase.com/archive/tagalog/82-mga-talinghaga.html
Mababasa sa *website* na ito ang mga halimbawa ng talinhaga.

http://teksbok.blogspot.com/2010/09/awiting-bayan-o-kantahing-bayan.html
Mababasa sa *website* na ito ang mga halimbawa ng awiting bayan.

http://prezi.com/1v5xyia3al_y/pagsulat/

Mababasa sa *website* na ito ang kahulugan at kahalagahan ng pagsulat kasama na ang akademikong pagsulat, hakbang, pananaw at layunin nito.

Sagutin mo ang mga inihandang tanong.

1. Ano ang mga kaalamang nakalap mo tungkol sa awiting bayan, tayutay, talinhaga at paraan sa pagsulat? Itala ito.
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________

2. Paano nakatutulong ang mga tayutay at talinhaga sa pagpapasining ng isang sulatin? Ipaliwanag.
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________

3. Sa paanong paraan inilalahad ng tao ang pagpapahalaga sa kanyang lupang kinagisnan? Ipaliwanag.
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________

4. Kung bibigyan ka ng pagkakataon na itaguyod ang sarili mong lalawigan, sa paanong paraan mo ito gagawin at bakit? Ipaliwanag.
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________

**Katapusang Bahagi ng Paglinang**

Napalalim ang iyong kakayahan sa mga naisagawa mong mga gawain. Upang higit na maunawaan mo ang aralin, isagawa mo ang mga gawain sa bahaging PAGPAPALALIM. Halika na nang masukat kung kaya mong gawin ito.

## PAGPAPALALIM

Layunin mo sa pag-aaral ng bahaging ito ng modyul na suriin muli ang mga akdang pampanitikan na natalakay na at nang higit mong maunawaan at mapangalagahan ang kanilang paniniwala at kaugalian sa buhay.

**Gawain 27: Pagtatala ng mga Katangian**

Itala sa ibaba ang mga katangiang taglay sa mga akdang nabasa at naisagawa sa modyul.

| AKDA | KATANGIAN |
|---|---|
| **1. Dula** | |
| **2. Maikling Kuwento** | |
| **3. Alamat** | |
| **4. Epiko** | |
| **5. Awit** | |

**6. Karunungang Bayan (Bulong)**

Sagutin mo ang mga tanong.

Sa kabuuan, ano ang nabuo mong kaisipang tungkol sa mga akdang pampanitikang nakatala sa itaas? Ipaliwanag.

Dumako tayo sa nilalaman ng mga akdang pampanitikan mula sa Visayas. Sa bahaging ito, punain mo naman ang nilalaman o paksa ng bawat akda.

**Gawain 28: Pagsusuri ng mga Akdang Pampanitikan**

Suriin ang nilalaman ng mga akdang pampanitikan ng Kabisayaan. Isulat sa ibaba ang paksa ng bawat isa.

| AKDA | PAKSA |
|---|---|
| 1. Babaylan | |
| 2. Bulong | |
| 3. Waray waray | |
| 4. Matud Nila | |
| 5. Alamat ng Kanlaon | |
| 6. Paalam sa Pagkabata | |
| 7. Hinilawod | |
| 8. Labaw Donggon | |
| 9. Yanggaw | |
| 10. Kami Bacolodnon | |

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Ano ang masasabi mo sa laman o paksa ng mga akdang pampanitikan ng Kabisayaan? Ilahad ito.

2. Ano ang masasalamin mo sa mga akdang pampanitikan ng Kabisayaan na nabasa at natalakay sa klase? Ipaliwanag.

3. Ano ang napuna mo sa mga awiting- bayan na kagaya ng *Waray waray*, *Matud nila* at *Bacolodnon*? Ipaliwanag.

4. Bilang pagbubuod, ano ang napuna mo sa mga nilalaman ng mga akdang pampanitikan ng Kabisayaan? Ipaliwanag.

5. Ngayon, bakit ba kailangang unawain ang mga akdang pampanitikan ng Kabisayaan? Ipaliwanag.

Magaling at nalaman at nabuod mo ang nilalaman ng panitikan ng Kabisayaan na siyang magiging gabay mo sa pagsasagawa ng proyekto na kagigiliwan mo. Higit sa lahat, malinaw na sa iyo ngayon kung bakit kailangan ding unawain ang mga akdang pampanitikan ng Kabisayaan kagaya ng mga panitikan ng Mindanao.

Bago ang lahat, balikan mo ang binagong *Anticipation-Reaction Guide* at ating punahin kung ano-ano ang mga pagbabagong nangyari sa iyo habang tinatalakay ang modyul na ito.

**Gawain 29: Pagsagot sa Binagong *Anticipation-Reaction Guide***

Basahing muli ang mga pahayag at sagutin ang bahaging **Pagkatapos ng Leksyon**. Sa pagkakataong ito ay itala mo rin ang mga pagbabagong nalinang sa sarili sa kasunod na kolum.

| Bago ang Leksyon | Pahayag | Pagkatapos ng Leksyon | Mga Pagbabagong Nalinang Sa Sarili |
|---|---|---|---|
| | 1. Albularyo ang tawag sa mga taong nanggagamot ng sakit gamit ang luya, langis at kung ano-ano pang mga halaman sa paligid. | | |
| | 2. Ang *bulong* ay ginagamit ng mga manggagamot sa kanilang pakikipag-usap sa mga di nakikitang espirito/ elemento. | | |
| | 3. Tinaguriang wika ng mga kabataan ang wikang pabalbal. | | |
| | 4. Nasasalamin sa mga akdang pampanitikan ng Kabisayaan ang kanilang kultura. | | |
| | 5. Sintamis ng asukal ang kanyang ngiti. Ang pangu-ngusap ay gumamit ng tayutay na pagwawangis. | | |
| | 6. Ang di-gaano at di -gasino ay mga pang-uring pahambing na magkatulad. | | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | 7. Anapora ang tawag sa mga panghalip na makikita sa unahan ng pangungusap. | | |
| | 8. Ang Sto. Nino ang patron ng mga mamamayan ng Cebu. | | |
| | 9. Ang *totoo, tunay* at *talaga* ay halimbawa ng mga pahayag na nanghihikayat. | | |
| | 10. May taglay na super-natural na kapangyarihan ang mga bayani ng epiko. | | |

**Katapusang Bahagi ng Pagpapalalim**

Marami ang pagbabago ng kaalaman at kasanayan sa paksa kaya isang hamon sa kakayahan mo ang iyong haharapin sa kasunod na gawain. Halika na at nang masukat kung kaya mong gawin ito.

## PAGLILIPAT

Layunin mo sa bahaging ito ng modyul na ilapat ang mga natutuhan mo sa pamamagitan ng paglikha ng sariling awiting- bayan na nagpapahalaga sa sarili mong pamayanan. Kaya mong harapin ang hamong ito.

Ngunit bago ang lahat ay balikan at sariwain mo muna ang mga nabuo mong paglalahat sa panitikan ng Kabisayaan at kung bakit kailangan nating unawain ang kanilang mga akda.

**Gawain 30: Paglikha ng Sariling Awiting-bayan**

Basahin mo ang hamon at gawin ito sapagkat may sapat ka ng kaalaman at kasanayan dito. Narito ang hamon sa iyong kakayahan.

Sa taunang anibersaryo ng kapistahan ng Tacloban ay isang patimpalak sa paglikha ng awiting-bayan ang inilunsad ng lokal na pamahalaan ng lungsod at ng Organisasyon ng mga Pilipinong Mang-aawit. Ang paligsahang ito ay may temang " Kultura ng Kabisayaan, Aking Kinikilala at Pinahahalagahan." Isa ka sa mga kalahok ng patimpalak na susulat ng awit na pumapaksa sa kagandahan ng kultura ng Kabisayaan. Ang awiting-bayan na isusulat ay tatayain ayon na sumusunod na pamantayan:

Nagpapakita ng pagpapahalaga sa literatura ng Kabisayaan
Gumagamit ng wika ng kabataan
Sining, Nilalaman, at Orihinalidad

Upang mataya ang ginawang awiting-bayan, gamitin ang rubrik sa pagbibigay ng iskor.

**RUBRIK SA PAGSULAT NG AWITING-BAYAN**

| PAMANTAYAN | MAHUSAY ( 4 ) | MAAYOS ( 3 ) | PASIMULA ( 2 ) | NANGANGAILA-NGAN NG PAG-UNLAD ( 1 ) | Iskor |
|---|---|---|---|---|---|
| **PAGPAPAHALAGA SA PANITIKAN** | Mabisang naisanib sa awiting-bayan na ginawa ang pagpapahalaga sa panitikan ng Kabisayaan | Sapat ang pagpapahalaga sa panitikan ng Kabisayaan ang awiting bayan na ginawa | Bahagyang naipakita ang pagpapa-halaga sa panitikan ng Kabisayaan ang awiting-bayan na ginawa | Hindi makikitaan ng pagpapahalaga sa panitikan ng Kabisayaan ang awiting-bayang ginawa | |
| **WIKA** | Lubusang naipakita ng kabataan ang kakaibang kaalaman/ kasanayan sa paggamit ng sariling wika | Nagamit ng kabataan ng tama ang sariling wika sa paggawa ng awiting-bayan | 4-5 wika ng mga kabataan lamang ang masisilay sa mga saknong ng awiting-bayan na ginawa | Hindi makikitaan ng wika ng mga kabataan ang ginawang awiting-bayan | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **SINING** | Maindayog, matalinhaga at piling-pili ang mga salitang ginamit sa awiting-bayan na ginawa na nagpapaibayo ng kagandahan nito | Masining na nagawa ang awiting-bayan sa pamamagitan ng paggamit ng mga patalinhagang pahayag/salita | May 2-4 na salitang hindi angkop gamitin sa awiting-bayan na ginawa na nagpa-pawala ng indayog nito | Payak lamang ang paglalahad ng awiting- bayan na ginawa kaya kailangang rebisahin | |
| **NILALAMAN** | Malinaw at mapangitaing nakapukos sa paksa ng timpalak ang awiting-bayan na ginawa | Laman ng awiting-bayan ang pagpapahalaga sa kultura ng sariling lalawigan | May kalabuan ang mensahe ng pagpapaha-laga sa kultura ng sariling lalawigan ang awiting-bayan na ginawa | Walang kaugnayan sa paksa ng timpalak ang awiting-bayan na ginawa | |
| **ORIHINALIDAD** | Kakaiba at tunay na makikita ang pagka-orihinal ng awiting-bayang ginawa | Orihinal na nabuo ang awiting-bayang ginawa | May 2-3 linya ng awiting-bayan na hango sa ibang akda | Hindi kakikitaan ng pagka-orihinal ang awiting-bayang ginawa. | |

Simulan mong gawin ang hamon. Maaari kang pumili ng sarili mong pamagat sa awiting-bayan na gagawin.

Sagutin mo ang mga inihandang tanong tungkol sa awit na nilikha.

1. Ano ang mensaheng ipinaaabot ng awiting- bayan na iyong nilikha? Ipaliwanag.
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________

2. Anong kultura naman ng lalawigang ginawan mo ng awit ang iyong inilahad at bakit? Ipaliwanag.
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________

3. Bakit dapat nating pahalagahan at igalang ang kultura ng bawat lalawigan? Pangatwiranan.
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________

4. Anong wika ang ginamit mo sa paglikha ng awiting-bayan at bakit mo ito ginamit? Ipaliwanag.
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________

5. Sa kabuuan, bakit nararapat nating unawain ang mga akdang pampanitikan ng Kabisayaan? Ipaliwanag.
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________

Sumasang-ayon ako sa sagot mo na bilang mamamayan ng bansa ay kailangan nating igalang at pahalagahan din ang kultura ng bawat lalawigan sa dahilang isa itong pagkakilanlan sa ating pagka-Pilipino at ng bansang kinagisnan.

Higit sa lahat, ang matibay na pananampalataya sa Poong Maylikha na tanging sandalan natin sa lahat ng sakunang dumarating sa ating buhay ay nasasalamin sa makulay na kasaysayan ng lalawigan/bansa.

Sa bahaging ito, naisip mo ba kung ano ang papel na ginagampanan ng relihiyon sa iyong buhay bilang Pilipino?

Ngayon, nais kong mag-relaks ka sandali at suriin ang sarili. Ano nga ba ang nagagawa ng pananampalataya sa iyong buhay at pagkatao? Ilahad ito sa loob ng walo hanggang sampung pangungusap lamang.

**Gawain 31: Pagtala ng Sariling Repleksyon**

Gaya ng sinabi ko, suriin mo ang sarili at sagutin ang tanong kung ano ang nagagawa ng pananampalataya sa iyong buhay at pagkatao. Pamagatan natin itong " Ang Aking Pananampalataya."

**Ang Aking Pananampalataya**

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Ano ang bagay na natutuhan mo habang sinusulat ang sarili mong repleksyon tungkol sa pananampalataya? Ipaliwanag.

   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________

2. Gaano kahalaga sa iyo ang sarili mong pananampalataya at bakit ito mahalaga? Ipaliwanag.

   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________

3. Bilang mamamayan ng bansa, paano ka makatutulong upang patuloy na mapahahalagahan ang iba't ibang kultura nating mga Pilipino? Ipaliwanag.

   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________

Balikan mo ang awiting-bayan na iyong nilikha. Alam mong bitin ang buhay kung hindi natin bibigyan ng hustisya ang nilikhang awit, kaya sa pagkakataong ito ay bibigyang buhay mo ang awit sa pamamagitan ng pag-awit nito sa anumang tono na nais mong ilapat.

**Gawain 32: Paglapat ng Tunog sa Awiting-bayang Nilikha**

Masining mong lapatan ng tono ang awiting-bayang nilikha mo at pagkatapos ay i-*post* mo sa *youtube* nang sa gayon ay makahikayat ito

**TASK** sa mga bakasyonista na dalawin ang sarili mong lalawigan.

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Ano ang naramdaman mo matapos lapatan ng tono at awitin ang awiting-bayan na iyong nilikha? Ipaliwanag.

   ________________________________________________________________
   ________________________________________________________________
   ________________________________________________________________
   ________________________________________________________________

2. Sa pag-*post* mo ng awiting bayan na nilikha, ano rin ang naramdaman at naiisip mo at bakit? Ipaliwanag.

   ________________________________________________________________
   ________________________________________________________________
   ________________________________________________________________
   ________________________________________________________________

3. Sa kabuuan, may nalinang ba sa iyong isip matapos mong pag-aralan ang mga akdang pampanitikan ng Kabisayaan? Ano ang mga ito? Ipaliwanag.

   ________________________________________________________________
   ________________________________________________________________
   ________________________________________________________________
   ________________________________________________________________

4. Bakit nga ba kailangan din nating pahalagahan at igalang ang kultura ng Kabisayaan? Ipaliwanag.

   ________________________________________________________________
   ________________________________________________________________
   ________________________________________________________________
   ________________________________________________________________

5. Gaano naman kahalaga ang wika ng mga kabataan sa paglikha ng awiting-bayan? Ipaliwanag.

   ________________________________________________________________
   ________________________________________________________________
   ________________________________________________________________
   ________________________________________________________________

**Katapusang Bahagi ng Paglilipat**

Sa unang modyul ay natutuhan mo ang kultura ng mga Muslim sa Mindanao at sa modyul na ito ay nakita mo rin ang kultura ng mga mamamayan ng iba't ibang lalawigan ng Kabisayaan kagaya ng Tacloban, Cebu, Bacolod at Iloilo na sana iyo ring napahalagahan dahil sa ito ay kabahagi ng makulay na kasaysayan ng bansa. Maliban doon ay nagkakaugnay tayo sa isa't isa dahil sa wikang ginagamit natin sa ating pakipag-ugnayan sa kapwa at higit sa lahat, nagkakaisa tayo sa ating pananampalataya sa Poong Maylikha.

## PANGHULING PAGTATAYA

Panahon na upang alamin kung nag-*level up* ka sa iyong pag-aaral sa modyul na ito. I-klik lamang ang titik ng sagot na siyang tama sa palagay mong sagot sa mga tanong. Makikita mo ang iyong iskor matapos ang lahat ng mga aytem. Kapag mataas ang resulta ng pagtatayang ito ay magpapatuloy ka sa susunod na modyul. Kung hindi ka naman lumagpas sa inaasahang iskor o antas ng pagkatuto ay muli kang babalik sa pag-aaral ng modyul ng Kabisayaan.

Kung handa ka na, i-klik ang SIMULA.

Basahing mabuti ang mga sumusunod na tanong. I-klik ang titik ng wastong sagot.

1. Alin. sa sumusunod ang tinaguriang wika ng mga kabataan?
   a. pabalbal
   b. pambansa
   c. pampanitikan
   d. panlalawigan

2. Alin sa sumusunod ang pahayag na nagsasaad ng paghahambing?
   a. biro ng tadhana
   b. sing-asim ng sampalok
   c. tunay na pag-asa
   d. waring masama ang hangin

3. Alin sa sumusunod ang *cohesive devices* na ginagamit upang maiwasan ang paulit-ulit na magamit ang pangngalan sa pangungusap?
   a. anaporik at kataporik
   b. pangngalan at panghalip
   c. pang-uri at pang-abay
   d. pantukoy at pangatnig

4. Alin sa sumusunod ang kahulugan ng salitang <u>erap</u>?
   a. pare
   b. pari
   c. partner
   d. pera

5. Alin sa sumusunod ang halimbawa ng tayutay na pagtutulad?
   a. Naghahabulan ang mga alon sa dalampasigan.

b. Magkasimbait sina Ana at Rosa.
c. Tupa sa bait ang kanyang ama.
d. Simpait ng ampalaya ang kanyang ngiti.

6. Alin sa sumusunod ang salitang sumisimbolo ng katapangan?
   a. kris
   b. pula
   c. tabak
   d. waray

7. Ano ang tawag sa mga kuwentong ang mga tauhan nito ay makikitaan ng kapangyarihang supernatural?
   a. alamat
   b. bulong
   c. epiko
   d. parabula

8. Alin sa sumusunod ang bulong na nagsasaad ng paggalang?
   a. paraan po
   b. puwera aswang
   c. puera usog
   d. tabi-tabi po

9. Alin sa sumusunod ang wikang gagamitin mo sa pakipag-ugnayan sa mga kabataang kasing-edad mo?
   a. kolokyal
   b. pabalbal
   c. pambansa
   d. panlalawigan

10. Alin sa sumusunod ang sinasalamin ng mga pagdaraos ng Ati-atihan, Sinulog at Dinagyang na Festival sa Kabisayaan?
   a. pananampalataya kay Santo Niño
   b. pananampalataya sa mga anito
   c. pananampalataya sa patron ng simbahan
   d. pananampalataya sa Maykapal

11. Alin sa sumusunod ang pangalang sumasagisag ng katapangan ng mga kababaihan?
   a. Gabriela
   b. Monalisa
   c. Sisa
   d. Theresa

12. Alin sa sumusunod na epiko ng Kabisayaan ang di nagtataglay ng supernatural na kapangyarihan ?

a. Hinilawod
b. Humadapnon
c. Labaw Donggon
d. Maragtas

13. Alin sa sumusunod ang festival na may negatibong konotasyon sa madla?
    a. Aswang Festival
    b. Babaylan Festival
    c. Sandugo Festival
    d. Sinulog Festival

14. Alin sa sumusunod ang pinapaksa ng saknong ng awiting-bayan sa ibaba?

| | | |
|---|---|---|
| Lalaki: Pasayawa ko inday | ; | Babae: Sayaw lang sa uban |
| Lalaki: Ikaw may gusto ko may | ; | Babae: Nganong ako nga anaa uban |
| Lalaki: Pagaksa nalang ko day gusto | ; | Babae: Di ko lagi kay wa ko'y |

    a. karaniwang buhay sa nayon
    b. kasayahan sa nayon
    c. ligawan ng mga kabataan
    d. tampuhan ng babae at lalaki

15. Naimbita kang magsalita sa isang pagtitipon sa iyong barangay na hihikayatin mo ang mga kabataang kagaya mo na iwasan nilang malulong sa paninigarilyo, pag-inom at droga. Higit sa lahat, ang sumali sa anumang *fraternities.* Sa pakikipag-ugnayan mo sa mga kabataang nabanggit, alin sa sumusunod ang wikang gagamitin mo?
    a. kolokyal
    b. pabalbal
    c. panlalawigan
    d. pambansa

16. Bilang bahagi ng proyekto sa asignaturang Filipino ay kailangan mong makipanayam sa mga mamamayang naninirahan sa *Home for the Aged* ng Cebu. Sa pakikipag-usap sa mga matatanda, anong wika ang gagamitin mo?
    a. kolokyal
    b. pabalbal
    c. panlalawigan
    d. pampanitikan

17. May *field trip* sa lalawigan ang paaralan at kasama ka doon. Ang lugar na pupuntahan ninyo ay kilalang lugar ng mga mambabarang. Ngayon, alin sa sumusunod ang kinakailangan mong iwasan?
    a, Ang gumawa ng ingay habang namamasyal.
    b. Ang magdala ng luya at bawang.
    c. Ang magpunta sa bahay-bahay.
    d. Ang uminom ng tubig kahit saan.

18. Isa kang *tourist guide* na nag-aanyaya sa mga turista na bumisita sa iba't ibang lalawigan ng bansa. Sa paglalarawan ng mga lalawigan, alin ang dapat mong banggitin?
    a. Kilalang bayan ng mga masasamang albularyo ang lugar na ito.
    b. Malaki ang bahagi ng lugar na ito sa kasaysayan ng bayan.
    c. Tahimik at palakaibigan ang mga tao sa lugar na ito.
    d. Hinagupit ng malupit na unos ang lugar na ito.

19. Isa kang editor na nag-aanyaya sa mambabasa na bumisita sa Corregidor. Sa pag-aanyaya sa mambabasa, alin sa sumusunod na pahayag pipiliin mo?
    a. Ang Corregidor ang buhay na patunay na talaga ngang makulay ang kasaysayan ng ating bansa.
    b. Ang Corregidor ang pulo na pangunahing destinasyon ng mga turista sa bansa.
    c. Ang Corregidor ay higit na magandang dayuhin kaysa Banaue Rice Terraces ng mga Igorot.
    d. Ang Corregidor ang pulo na binomba ng mga Hapon noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

20. Kinausap ka ng reporter at tinanong ang opinyon mo tungkol sa mga karahasang laganap sa paligid. Sa pakikipanayam niya sa iyo, alin ang dapat mong iwasan?
    a. Ang magbigay ng pangalan ng inaakala mong may kasalanan.
    b. Bigyan ng babala ang mga mamamayan na mag-ingat sa sinuman.
    c. Magkunwaring walang nalalaman sa mga isyu sa paligid.
    d. Murahin ang mga taong nagsabog ng karahasan sa kapwa.

## GLOSARYO NG MGA TERMINONG GINAMIT SA MODYUL

**Aktibiti** - gawain
**Antas** – lebel
**Bakbakan** - away
**Hiyawan** - sigawan
**Isla** - pulo
**Kalinangan** - kultura
**Kimi** - mahiyain
**Kolum** – udling
**Lakambini** - dalaga
**Lihim** - sikreto
**Maton** - buskador
**Masilay** - makita
**Nalinang** – nabuo, nasanay
**Nagapi** - natalo
**Pantas** – matalino, maraming alam
**Paraluman** – musa, diwata,lakambini
**Relihiyon** - pananampalataya
**Siga** - matapang
**Sindak** - takot
**Sundalo** - kawal
**Tuklasin** - alamin
**Ulupong**- cobra
**Waray** - tawag sa wika at mga mamamayan ng Samar-Leyte

## TALASANGGUNIAN AT MGA WEBSITE NA GINAMIT SA MODYUL

### Talasanggunian

Panganiban, Jose V. et al.(1982).*Panitikan ng Pilipinas*. Quezon City: Bede's Publishing House, Inc.

Panganiban, Jose V. (1973).*Diksyunaryo Tesauro*. Quezon City: Manlapaz Publishing Co.

### Website

http://www.youtube.com/watch?v=7hLxERfaiM&list=PLWdl58RvB2PEIf3LSIzSehODFW56MhobI&index=3
Mapapanood sa video na ito ang kuwento ng isang babaylan.

http://www.youtube.com/watch?v=0mMebBViI_Y
Mapapanood sa video na ito ang awiting-bayan ng Samar.

http://www.slideshare.net/jessicavduque/antas-ng-wika-28063693
Makikita sa website na ito ang katuturan at halimbawa ng iba't ibang antas ng wika.

http://teksbok.blogspot.com/2010/08/antas-ng-wika_6470.html
Makikita sa website na ito ang katuturan ng pormal at di pormal na wika at mga paraan sa pagbuo ng mga salitang balbal.

http://filipinocorner.blogspot.com/2010/11/mga-antas-ng-wika.ht
Makikita rin sa website na ito ang ang katuturan at halimbawa ng iba't ibang antas ng wika.

http://mambukal.negros-occ.gov.ph/mudpack-festival/
Mababasa sa website na ito kung ano ang Mudpack festival na ipinagdiriwang sa Mumbukal Summer Resort tuwing buwan ng Hunyo.

http://www.sunstar.com.ph/bacolod/lifestyle/2014/06/14/birth-mudpack-festival-348232
Mababasa sa website na ito kung paano nagsimula ang Mudpack Festival sa Mambukal.

http://www.santonino-lcandijay-bohol.org/orain/francis/filipino/f2/f2_kabanata1_page19.html
Mababasa sa website na ito kong ano ang anapora at katapora na mga cohesive devices upang maiwasan ang paggamit ng paulit-ulit ng salita.

http://www.slideshare.net/teodosiojohnanthony/anapora-at-katapora
Mababasa sa website na ito ang halimbawa ng mga kataporik at anaporik na mga cohesive devises sa Filipino

(http://gurosafilipino.blogspot.com/2010/07/kohesyong-gramatikal-anapora-katapora.ht.
Sa website na ito ay mababasa kung kailan ginagamit ang mga kataporik at anaporik na mga panghalip sa pangungusap.

http://filipinosubject.blogspot.com/2007/12/pang-uri-adjective.html
Mababasa sa website na ito ang katuturan ng pang-uri na pahambing at ang mga halimbawa nito.

http://lessonproper.blogspot.com/2011/10/kaantasan-ng-pang-uri.html
Mababasa sa website na ito ang kaantasan at halimbawa ng mga pang-uri na naghahambing.

https://www.facebook.com/PanitikanSaFilipinoIvViii/posts/290453967767540
Mababasa sa website na ito ang mga halimbawa ng tayutay na naghahambing.
http://filipinosubject.blogspot.com/2007/12/pang-uri-adjective.html
Mababasa sa website na ito ang katuturan ng pang-uri na pahambing at ang mga halimbawa nito.

http://lessonproper.blogspot.com/2011/10/kaantasan-ng-pang-uri.html
Mababasa sa website na ito ang kaantasan at halimbawa ng mga pang-uri na naghahambing.

https://www.facebook.com/PanitikanSaFilipinoIvViii/posts/290453967767540
Mababasa sa website na ito ang mga halimbawa ng tayutay na naghahambing.
http://www.youtube.com/watch?v=URC-yITcbI4
Mapapanood sa youtube na ito ang siniping bahagi ng pelikulang "Yanggaw"

http://szhayne.wordpress.com/wika/modyul-3-7-panandang-pandiskurso/
Mababasa sa website na ito ang mga halimbawa ng pang-ugnay na pangatnig na karaniwang ginagamit sa paglalahad at sa pagpasunud-sunod ng mga pangyayari. Kalakip dito ay ang mga inihandang mga pagsasanay hinggil sa paksa.

http://beverleymendoza.wordpress.com/2013/08/16/mga-aralin-sa-masining-na-pagpapahayag/
Mababasa sa website na ito ang mga mga halimbawa ng pang-ugnay na nagpapatunay, nagsasalaysay, naghahambing at nagpasunud-sunod ng mga pangyayari.

http://pasundayagfilipino3.blogspot.com/2012/01/mga-uri-ng-tayutay-at-mga-halimbawa.html
Makikita sa website na ito ang mga uri at halimbawa ng tayutay

http://fil.wikipilipinas.org/index.php/Tayutay
Mababasa sa website sa itaas ang katuturan ng iba't ibang uri ng tayutay

http://pinoyresource.blogspot.com/2009/03/mga-karaniwang-uri-at-halimbawa-ng.html
Mababasa rin sa website na ito ang iba't ibang uri at halimbawa ng tayutay

http://www.phrasebase.com/archive/tagalog/82-mga-talinghaga.html
Mababasa sa website na ito ang mga halimbawa ng talinhaga

http://homeworks-edsci.blogspot.com/
Mababasa sa website na ito ang mga halimbawa ng awiting-bayan

http://prezi.com/1v5xyia3al_y/pagsulat/

Mababasa sa website na ito ang kahulugan at kahalagahan ng pagsulat kasama na ang akademikong pagsulat, hakbang, pananaw at layunin nito.